# Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

**Nirebisa noong Disyembre 23, 2021**
**(Muling nirebisa noong Enero, 28, 2022)**

## Listahan ng mga Sanggunian

Mayroon tayong ibat-ibang tanggapan para sa bawat isa sa inyong mga hinaing. Huwag mag-alinlangang kumunsulta sa atin.

P.5 ～6

## Kung may problema sa pera (panggastos araw-araw at pondo sa negosyo)

- **Emergency small amt. fund o Gen. support fund (panggastos araw-araw), Tulong para makabangon ang mga labis na naapektuhan ng COVID-19**

  Magpapahiram ng kinakailangang panggastos sa araw-araw, atbp. para sa mga nahihirapan sa pamumuhay dahil sa pagtigil o kawalan ng trabaho na epekto ng impeksyon ng COVID-19.
  At, magbibigay din ng suporta para sa mga nakatanggap na ng muling pagpapahiram at ilan sa mga sambahayan na hindi na-aprubahan sa muling pagpapahiram. *Simula Enero 2022, kasama na din dito ang mga sambahayan na nakatanggap na ng Emergency small amt. fund o Gen. support fund.

P.7 ～8

- **Panandalian at natatanging suportang pang-sambahayan na may bata**

  Habang ang epekto ng impeksyon ng COVID-19 ay lumalawak sa iba't ibang tao, buong lakas ang pagsuporta sa mga bata sa ating bansa. Para sa kinabukasan, ang gobyerno ay maglalaan ng 100,000 yen bawat bata sa mga sambahay na tutugon sa mga kondisyon.

P. 9

- **Panandaliang suportang pang-sambahayang hindi binubuwisan, atbp.**

  Habang isinasaalang-alang ang matagal na epekto ng impeksyon COVID-19, at para sa mga humaharap sa iba't ibang problema, maglalaan ng agarang suporta sa panggastos araw-araw /kabuhayan: 100,000 yen para sa bawat sambahayang hindi binubuwisan ng Residence tax, atbp.

P.10

- **Emergency fund para sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng mag-aaral, atbp.**

  Upang patuloy ang pag-aaral ng mga estudyante atbp. na nasa malubhang kalagayan dahil sa mga epekto ng impeksyon ng COVID-19, ang gobyerno ay maglalaan ng 100,000 yen para sa mga estudyante atbp. na tutugon sa mga kondisyon.

P.11

- **Tulong sa pagbangon ng kumpanya o negosyo**

  Magbibigay ng tulong sa mga kumpanyang katamtaman ang laki, sa mga SME o small and medium-sized enterprise, at kasama rin ang mga freelancer, na lubhang na-apektuhan ng impeksyon ng COVID-19, saanmang rehiyon o industriya.

P.12

- **COVID-19 Special Loan Program ng Japan Finance Corporation (JFC) at ng The Okinawa Development Finance Corporation (ODFC)**

  Magpapahiram ng pondong walang interes at seguridad sa tagapamahala ng mga kumpanya o negosyo, maging mga freelancer, na humina ang kita dahil sa impeksyon ng COVID-19.

P.13

# Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

- **Pagpapaliban ng pagbayad ng Social Insurance premium, atbp.** P.14～17
  Bilang isa sa mga hakbang pang-emerhensiyang para sa mga nababahala sa kanilang mga kabuhayan, maaring mapahintulutan ang pagsuspindi ng bayad ng buwanang Social Insurance premium, pambansang buwis, pampublikong bayarin, atbp.

- **Pagbago sa buwanang tanggap ng Employees' Pension Insurance, atbp.** P.18
  Para sa mga lubhang bumaba ang sahod dahil sa pagtigil mula sa trabaho na epekto ng impeksyon ng COVID-19, maaaring baguhin ang buwanang kompensasyon ng Employees' Pension Insurance mula sa susunod na buwan, bilang natatanging pagkakataon.

- **Sistema ng suporta upang makapagsarili ang mga nahihirapan sa kanilang kabuhayan** P.19
  Maglalaan ng pangkalahatang suporta ayon sa kalagayan ng bawat isang tao, para sa mga lubhang nahihirapan sa buhay na may sari't saring problema.

- **Housing Security Benefit (renta sa bahay)** P.20
  Ito ay suporta sa pagkakaroon ng siguradong tirahan para sa mga maaaring mawalan ng tirahan sapagkat bumaba ang sahod dahil sa pagtigil mula sa trabaho, atbp., dulot ng impeksyon ng COVID-19.

- **Pagliban sa pagbabalik ng Single-parent family house assistance loan** P.21
  Maglalaan ng maaring hindi na ibalik at walang interes na loan, na magagamit na pondo sa pag-upa (renta) ng tirahan para sa mga single-parent na nagsisikap maging independente sa pamamagitan ng paghahanap ng trabaho.

- **Pampublikong suporta (Seikatsu Hogo)** P.22
  Nagbibigay ng kailangang kasiguruhan sa gastusin sa araw-araw, tirahan, atbp. ayon sa tindi ng paghihirap, at layunin ay seguridad sa "minimum livelihood" at himukin ang pagiging independente ng mga lubos na nahihirapan sa pamumuhay sa kasalukuyan.

## Kapag nabawasan ang trabaho dahil sa epekto ng COVID-19

- **Benipisyo para sa mga may sakit o sugatan** P.23
  Kung mayroong Health insurance atbp. at hindi nakapagtrabaho upang magpagaling sa sakit o pinsala, sinisuguro nito ang sahod mula sa ika-4 na araw ng hindi pagtratrabaho.

- **Leave allowance (hindi pinag-trabaho)** P.24
  Kung ang manggagawa ay pinatigil sa trabaho sa kadahilanang responsable ang kompanya, ang kompanya ay dapat magbayad ng benepisyo (60% o higit pa ng karaniwang sahod) sa panahong ito.

- **Employment adjustment subsidy** P.25
  Para sa mga tagapamahala ng negosyo na napilitang paliitin ang kanilang negosyo sa kadahilanang pinansyal, upang mapanatili ang kanilang mga manggagawa, tutulungan sila sa kinakailangang halaga ng "leave allowance".

- **Support/allowance for the forced leave taken under COVID-19 outbreak** P.26
  Para sa mga pinatigil sa trabaho dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19 at hindi nakatang-gap ng "Leave allowance", magbibigay ng suporta o tulong bilang tugon sa nasabing impeksyon.

# Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

- **"Leave system introduction subsidy" bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng ina, na may kinalaman sa COVID-19, "Work-life balance subsidy" ("Leave filing assistance course" bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng ina, na may kinalaman sa COVID-19)**

  Bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, na may kinalaman sa COVID-19, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo na bumuo ng "paid leaves" para sa mga kababaihang manggagawa na nagdadalang-tao na mangangailangan ng "maternal leave".

  P.27～28

- **Work-life balance subsidy (Prevention of resignation to care for family course (natatanging hakbang laban sa impeksyon ng COVID-19))**

  Bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19, bukod sa "Family care leave" na ayon sa "Child care and family care leave Law" ay para sa mga manggagawang kailangang alagaan ang kanyang pamilya, tutulungan ang mga taga-pamahala ng negosyo na bumuo ng "Paid family care leave".

  P.29

- **Industrial employment stabilization subsidy**

  Para sa mga tagapamahala ng negosyo na napilitang paliitin pansamantala ang kanilang negosyo dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19; at kung sila ay nag-"temporary transfer" upang mapanatili ang kanilang mga manggagawa, tutulungan sila at ang tagapamahala ng negosyo ng kanilang nilipatan.

  P.30

- **Trial Job Subsidy (COVID-19 Infection Response (Short Time) Trial Course)**

  Ito ay sistema ng tulong para sa agarang pagbalik-trabaho ng mga manggagawa na nawalan ng trabaho dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19, at nais na makapasok sa hindi pa nararanasang trabaho, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo sa isang bahagi ng sahod nila sa nakatakdang "trial employment period" (sa prinsipyo ay mga 3 buwan).

  P.31

## Kung naghahanap ng trabaho

- **Unemployment insurance (tulong sa mga naghahanap ng trabaho)**

  Benepisyo para sa mga walang trabaho (naghahanap ng trabaho) upang muling makapag-trabaho sa lalong madaling panahon, habang pinapanatili ang kanilang kabuhayan. Magbibigay ng 50%-80% ng dating sahod sa pagtugon ng kondisyon tulad ng paghulog ng Unemployment insurance premium, atbp.
  ※Ang mga naghahanap ng trabaho ang kailangan mismong mag-aplay ng "job search application", kaya kailangan kumunsulta muna sa Hello Work.

  P.32

- **Public vocational training (Training for the unemployed)**

  Maaari magparehistro sa "Training for the unemployed" ng libre (maliban sa bayad sa mga textbooks atbp.) habang tumatanggap ng "unemployment insurance benefit".

  P.33

- **Training support for job seekers**

  Sa mga naghahanap ng trabaho na hindi nakakatanggap ng "unemployment insurance benefit", maaaring tumanggap ng pagsasanay ng libre (maliban sa bayad sa mga textbooks atbp.) at kung matugunan ang mga kondisyon, ay maaring rin tumanggap ng "training allowance" na 100,000 yen bawat buwan.

  P.34

- **Higher vocational training promotion support**

  Upang isulong ang pagkakaroon ng mga kuwalipikasyon para sa paghahanap ng permanenteng trabaho para sa mga single parent, magbibigay ng tulong sa panggastos araw-araw sa panahon ng mga pagsasanay, atbp.

  P.35

# Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

## Kapag kailangang mag-alaga ng bata dahil sa pansamantalang pagsasara ng paaralan

- **Elementary school closure subsidy (para sa mga tagapamahala ng negosyo)**

  Tulong para sa mga tagapamahala ng negosyo na nagbayad (buong halaga) ng "paid leave" (bukod sa taunang paid vacation leaves ayon sa Labor Standards Law) para sa mga magulang na manggagawa (regular man o hindi) na kinailangang mag-alaga ng bata dahil sa pansmantalang pagsasara ng paaralang elementarya nila.

  P.36

- **Elementary school closure subsidy (para sa mga private consignee)**

  Magbibigay ng suporta sa mga "tumatanggap ng kontrata" na nagtratrabaho mag-isa (magulang) para sa mga araw na hindi nakapagtrabaho dahil kinailangang mag-alaga ng bata dahil sa pansmantalang pagsasara ng paaralang elementarya nila.

  P.37

- **Proyekto ng kumpanyang sumusuporta sa pagkuha ng babysitter**

  Tulong sa bayad ng baby sitter, para sa nagtratrabahong mag-isang mga magulang na hindi makaliban sa trabaho o makagamit ng "after-school club" atbp. nang magsara pansamantala ang paaralan, atbp. dahil sa COVID-19. Makakatanggap din ang mga nagtratrabaho mag-isa.

  P.38 ～39

## Iba pang may kaugnayang impormasyon

Karagdagang impormasyon sa mga website na tungkol sa iba't ibang paraan ng pagsuporta sa COVID-19.

P.40 ～41

# Listahan ng mga Sanggunian ①

**Mayroon tayong ibat-ibang tanggapan, para sa bawat isa sa inyong mga hinaing. Huwag mag-alinlangang kumunsulta sa atin.**

## Kung nais kumunsulta tungkol sa trabaho

- **Hello Work (TEL: Tumawag sa pinakamalapit na Hello Work sa inyo)**

Sa mga naghahanap ng trabaho, sumangguni sa pinakamalapit na Hello Work. Makikita rin ang listahan ng trabaho gamit ang "Hello Work online service". Maaari ring kumunsulta sa telepono tungkol sa mga "work referral", atbp.

Para sa mga kababaihan na nagpapalaki ng anak, maaring gamitin ang "Mothers' Hello Work" at "Mothers' Corner". Mayroong silang opisina kung saan ang mga bata ay madaling maisasama. Bukod sa pagbibigay ng masusing konsultasyon sa trabaho o kaya ay "referral" ng trabaho, nagbibigay din impormasyon para sa mga trabaho na may "Work-Life Balance".

At, sa mga pupunta na kailangan ng tulong sa kanilang tirahan o kabuhayan, tumatanggap din ng konsultasyon at nagbibigay ng patnubay tungkol sa mga iba't-ibang suporta kung kinakailangan. Mayroon rin "COVID-19 Infection Response Step-up Consultation Desk", atbp.

## Kung problema sa trabaho (pagka-alis sa trabaho, pagtapos sa kontrata, atbp.)

- **Special Labor Consultation Desk, atbp. (TEL: Tumawag sa pinakamalapit sa inyo)**

Mayroong "Special Labor Consultation Desk" ang Labor Department sa bawat Prepektura. Tumutugon sa mga tanong ng manggagawa na may kinalaman sa pagka-alis sa trabaho, pagtapos sa kontrata, at "leave allowance" dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19.

Bukod dito, para sa lahat ng nakansela ang "job offer" o niliban ang simula ng trabaho, mayroong "New graduate Job Offer Cancellation Special Consultation Desk" sa "Newly Graduate Support" ng Hello Work. Kahit hindi pumunta'y maaring kumonsulta sa telepono.

## Kung nais kumunsulta tungkol sa kalagayang emosyonal

- **Mental Health Welfare Desk, atbp. (TEL: Tumawag sa pinakamalapit sa inyo)**

Ang mga propesyonal na gaya ng mga Health center at Mental health and welfare worker ay tumanggap ng mga konsultasyon sa pamamagitan ng mga panayam, telepono, atbp. ng mga hindi makatulog sa pag-aalala tungkol sa epekto ng COVID-19.

- **Mental Health of Workers' Portal "Kokoro no mimi"**

Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kalusugan ng isipan sa trabaho. Tumatanggap din ang Industrial Counselor ng pangkalusugang konsultasyon sa sulat, tawag o SNS ng "mental health imbalance", pagkasira ng kalusugan dahil sa "overwork" at iba pa.

## Kung nais kumunsulta tungkol sa DV o pag-aalaga ng bata

- **DV Consultation Navi (TEL:#8008), DV Consultation+ (plus) (TEL:#120-279-889)**

Maaring dumulog ng problema sa karahasan (DV) mula sa asawa o iba. Ang DV Consultation Navi ang kokonekta ng tatawag sa pinakamalapit na tanggapan. Bukas ang DV Consultation+ ng 24-oras para sa konsultasyon sa telepono, o kaya'y SNS o email

- **Child Consultation Center/CCC Dial Against Child Abuse**

(TEL: Tumawag sa pinakamalapit na CCC o sa CCC Dial Against Child Abuse #0120-189-783
Tumutugon sa mga problema sa pagpapalaki ng anak, o pang-abuso, atbp. sa telepono.

## Kung nais kumunsulta tungkol sa tinitirahan

- **Konsultasyon sa mga problema sa tirahan "SUMAKOMA" (TEL:0120-050-593)**

Maaring kumunsulta sa telepono o pumunta sa website para sa "mga problema tungkol sa tirahan", kagaya ng walang tutuluyan sa ngayon at hindi makabayad ng renta sa bahay.

# Listahan ng mga Sanggunian ②

## Para sa iba't ibang problema tulad ng pakiramdam na mahirap mabuhay

- **Yorisoi Hotline (Konsultasyon sa telepono, atbp.) (TEL:120-279-338)**
  Anumang problema, kahit sino, lumapit at magkasama nating hanapan ng paraang malutas.
  (Mga halimbawa) nais may makinig sa mga daing o problema sa buhay, o nais sumangguni tungkol sa DV o karahasan, o nais sumangguni bukod sa wikang Hapon, atbp.

- **Konsultasyon sa LINE, Twitter, Facebook…(SNS) at telepono**
  Tumutugon sa daing ng "pakiramdam na mahirap mabuhay" anuman ang edad o kasarian.

## Kung nais kumunsulta tungkol sa sekswal na krimen o karahasan

- **One-Stop Support Center for sexual crimes/violence victims National Common Speed Dial (TEL:#8891 (Quick one-stop))**
  Ikokonekta sa pinakamalapit na "One-stop support center" ang mga biktima ng sekswal krimen at karahasan. Maaaring kumunsulta tungkol sa pinsalang dulot ng mga ito.

- **Cure time**
  Anumang edad o kasarian, maaaring kumunsulta ng "anonymous" tungkol sa sekswal na karahasan. (Pagtanggap ng konsultasyon: Lunes/Miyerkules/Sabado, 5 p.m. - 9 p.m.)

## Konsultasyon tungkol sa diskriminasyon, pagkiling, pananakot, atbp.

- **Human Rights Counseling Services (TEL:570-003-110)**
  Ang HRCS ng Ministry of Justice ay tumutugon sa mga tanong sa diskriminasyon, pagkiling, pananakot, at iba pang pinsala sa karapatang pantao dulot ng impeksyon ng COVID-19.

## Konsultasyon sa epekto ng impeksyon ng COVID-19 sa mga dayuhan

- **FRESC Help Desk (TEL:120-76-2029)**
  Ang FRESC Help Desk ay tumutugon sa konsultasyon sa telepono ng mga dayuhang nahihirapan sa pamumuhay dahil sa pagkawala ng trabaho atbp., na epekto ng COVID-19.

  Ituturo ang maaring tumulong na tanggapan sa iyo at mga kailangan sa "residence status" <pananatili sa bansang Hapon>. Kapag may problema, tumawag lamang. Mayroong suporta sa 18 wika.

- **Immigration Information Centers**
  **TEL:570-013904 (IP/Tawag galing ibang bansa: 03-5796-7112)**
  Sumasagot sa bawat katanungan tungkol sa mga proseso ng pagpasok at pananatili sa bansang Hapon. Tumutugon sa telepono o sa tanggapan hindi lamang sa wikang Hapon, gayundin sa ibang wika (Ingles, Koreyano, Intsik, Espanyol, atbp.).

## Kapag hindi alam kung saan sasangguni

- **Tanggapan ng Administrative Counseling (TEL:570-090110)**
  Ang AC ng Ministry of Internal Affairs and Communications ay binuo para sa mga reklamo o opinyon, at kahilingan sa administrasyon at para sa mga solusyon at kaunlaran. Tumutugon din sa mga konsultasyon sa COVID-19, o kung hindi alam ang tamang ahensiya o kung kanino lalapit, o mga problemang sumasaklaw sa maraming ahensiya, atbp.

- **Gabay sa Prefectural consultation desk para sa COVID-19**
  Ang MIC ay naglathala ng guidebook na nagbibigay ng simpleng impormasyon tungkol sa iba't ibang suporta at konsultasyon tungkol sa COVID-19 sa buong 47 na Prepektura.

- **Hindi ka nag-iisa**
  Sa pagsagot sa ilang katanungan, may "chatbot" na awtomatikong sasagot batay sa iyong sitwasyon, mula sa halos 150 sistema ng suporta at tanggapan.

# Emergency small amount fund o General support fund (pang-tustos araw-araw)

Ang Social Welfare Council ng bawat Prepektura ay magpapahiram ng kinakailangang panggastos sa araw-araw, atbp. para sa mga nahihirapan sa pamumuhay dahil sa pagtigil o kawalan ng trabaho na epekto ng impeksyon ng COVID-19.

(Ang pagtanggap ng mga application ay hanggang sa katapusan ng Marso 2022)

## Emergency small amt. fund (pansamantalang pondo (lalo't sa mga natigil ang trabaho))

Magpapahiram ng kaunting panggastos pansamantala o pang-emerhensiya para sa mga nahihirapan sa pagpanitili ng pamumuhay.

| | |
|---|---|
| **Tatanggap** | Mga sambahayang lumiit ang sahod dahil sa pagtigil sa trabaho, atbp. dulot ng COVID-19, bilang panggastos pansamantala o pang-emerhensiya upang mapanatili ang pamumuhay.<br>*Kung ang pagbaba sa sahod ay dulot ng COVID-19, maari pa ring makatanggap kahit hindi napatigil sa trabaho. |
| **Pinakamataas na halaga** | 200,000 yen o pababa |
| **Pagliban ng kabayaran** | Sa loob ng 1 taon |
| **Hangganan ng kabayaran** | Sa loob ng 2 taon |
| **Interes/Tagapag-garantiya ng loan** | Walang interes/Hindi kailangan |

## Gen. support fund (para sa pagbangon ng kabuhayan (lalo't mga nawalan ng trabaho))

Magpapahiram ng kailangang panggastos araw-araw hanggang sa pagbangon ng kabuhayan.

| | |
|---|---|
| **Tatanggap** | Mga sambahayan na lumiit ang sahod o nawalan ng trabaho, atbp. dulot ng COVID-19, na nahihirapang panatilihin ang kanilang kabuhayan.<br>*Kung ang pagbaba sa sahod ay dulot ng COVID-19, maari pa ring makatanggap kahit hindi nawalan ng trabaho. |
| **Pinakamataas na halaga** | (2 tao o higit pa) 200,000 yen bawat buwan<br>(Nag-iisa) 150,000 yen bawat buwan<br>(Panahon ng pagtanggap: mga 3 buwan) |
| **Pagliban ng kabayaran** | Sa loob ng 1 taon |
| **Hangganan ng kabayaran** | Sa loob ng 10 taon |
| **Interes/"Guarantor"** | Walang interes/Hindi kailangan |

*1 Bilang natatanging hakbang, maaring hindi na ito ibalik ng mga sambahayan na hindi binibuwisan ng Residence Tax kung patuloy ang pagbaba ng sinasahod nila. (Tungkol sa "Emergency small amt. fund", titingnan ang hindi pagbabayad ng Residence tax para sa mga taong 2021 o 2022 at ipagpapaliban lahat. Tungkol naman sa "Gen. support fund", ①Para sa unang loan, tulad ng "Emer. small amt. fund", titingnan ang hindi pagbabayad ng Res. tax para sa mga taong 2021 o 2022, ②Para sa "extended" loan, titingnan ang taong 2023, ③Para sa "reloan", titingnan ang taong 2024, at ipagpapaliban lahat-lahat ng mga ito.)

*2 Para sa bagong aplikasyon ng Gen. support fund, bago ang pagpapahiram, kailangang ng pagsang-ayon sa "Pagtanggap ng tulong mula sa Self Independence Support" sa panahon ng pag-aplay.

*3 Tungkol sa mga loan na ang simula ng pagbayad ay inaasahang darating bago matapos ang Disyembre 2022 ay pinagpapaliban hanggang sa Enero, 2023.

## Proseso ng paghiram




- Para sa mga **pangkalahatang katanungan**, ito **Consultation call center** 0120-46-1999 *Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
- **Narito** ang website ng Guidance on Temp. Loan Emer. Funds (Special loan)
- Para sa **aplikasyon** tumawag sa **inyong Municipal Social Welfare Council.** *Maaari ring mag-aplay sa pamamagitan ng koreo.

*Ang mga HP ng asosasyon ng maraming prepektura o itinalagang mga lungsod ay kadalasang may mga website link o listahan bawat lungsod/munisipyo/bayan (mga pangalan). Gamitin ang QR code sa kanan. O gumamit ng "Search engine" sa internet para maghanap.

# Tulong para makabangon ang mga labis na naapektuhan ng COVID-19

Tungkol sa Special Loan tulad ng "Emergency small amount fund", atbp., magbibigay din ng "Tulong para makabangon ang mga labis na naapektuhan ng COVID-19" para sa mga nakatanggap na ng muling pagpapahiram (reloan) at sa ilan sa mga sambahayang hindi na-aprubahan sa muling pagpapahiram.

## Tulong para makabangon ang mga labis na naapektuhan ng COVID-19

**Tatanggap** **Mga sambahayang hindi makahiram ng Special Loan tulad ng Emergency small amount fund (*), at tumutugon sa sumusunod na mga kondisyon (*)**

- **Tapos na ang reloan ng "General support fund"/Matatapos ang loan sa Marso 2022**
- **Hindi na-aprubahan ang aplikasyon ng reloan ng "General support fund"**
- **Kumunsulta sa reloan ng "Gen. support fund" ngunit hindi umabot sa aplikasyon**

(Mula Enero 2022, maliban sa mga nasa itaas kasama din ang mga tapos nang humiram ng "Emergency small amount fund/General Support fund" /Matatapos sa Marso 2022)

**(1) Mga kondisyon sa sahod**

Ang sahod ay hindi hihigit sa total ng ① at ② (buwanan)

①1/12 ng hindi binuwisan ng municipal residence tax per capita amount

②Halaga ng tulong sa paninirahan mula sa Pampublikong suporta (Seikatsu Hogo)

**(2) Kondisyon sa pag-aari**

Ang ipon ay 6 na beses ng ① (o 1 milyong yen pababa)

**(3) Mga kondisyon sa paghahanap ng trabaho, atbp.**

Kailangan matugunan ang isa sa mga sumusunod na kondisyon

- Nagpasa ng aplikasyon sa pampublikong "free job referral counter" ng Hello Work o lokal na pamahalaan, at sinsero at masigasig sa paghahanap ng trabaho
- Kung nahihirapan suportahan ang sarili dahil sa trabaho at tingin ay magiging mahirap ang kabuyahan sa sasahurin, nagsumite ng aplikasyon sa pampublikong tulong (Seikatsu Hogo)

**Halaga (buwanan)**

(Sambahayan) Nag-iisa: 60,000 yen, 2 tao: 80,000 yen, 3 o higit: 100,000 yen
*Maaring mag-aplay kasabay ang Housing Security Benefit, Single-parent Temp. Sp. Loan at Natatanging tulong para sa sambahayang maliit ang sahod na may bata

**Panahon ng pagbigay**

3 buwan mula sa buwan ng aplikasyon
*Para sa mga nakatanggap na ng "Tulong para makabangon ang mga labis na naapektuhan ng COVID-19", maaring muling makatanggap ng pang-3 buwan. (maaring mag-aplay hanggang sa katapusan ng Marso 2022)

**Pagdadalan・Paraan ng aplikasyon**

Tingnan ang website, atbp. ng inyong lokal na pamahalaan para sa detalye ng pagdadalan at pamamaraan ng aplikasyon.

i
- Tumutugon sa mga **katanungan** sa sistema ng suporta ang **call center na ito:** 0120-46-8030 * Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
- **Narito ang website ng Guidance on Temporary Loan Emergency Funds**

# Panandalian at natatanging suportang pang-sambahayan na may bata

Habang ang epekto ng impeksyon ng COVID-19 ay lumalawak sa iba't ibang tao, buong lakas ang pagsuporta sa mga bata sa ating bansa. Para sa kinabukasan, ang gobyerno ay maglalaan ng 100,000 yen bawat bata sa mga sambahay na tutugon sa mga kondisyon.

## Maaring tumanggap

Maliban sa mga sambahayang may bata na ang taunang sahod ay nasa 9.6 milyong yen o higit pa (Tala 1), mga batang mula pagka-panganak hanggang 3rd year High school (Tala 2)

Tala1: May sinusuportahang 2 anak at ang asawa ay may taunang sahod na 1,030,000 yen o pababa ang inaasahan.

Tala2: Mga batang ipinanganak sa pagitan ng Abril 2, 2003 at Marso 31, 2022.

## Halaga ng matatanggap

100,000 yen bawat bata

| | Naunang 50,000 yen | Karagdagang 50,000 yen |
|---|---|---|
| Kabuuan | ・Agarang ibibigay ang cash na 50,000 yen sa bawat bata. | Ayon sa lokal na pamahalaan,<br>・Maaring matapos ang unang 50,000 yen, ay coupon na nag – kakahalaga ng 50,000 yen,<br>・O matapos ang unang 50,000 yen, ay ang susunod na 50,000 yen<br>・O isahang 100,000 yen. |
| Panahon ng pagbibigay | ・Para sa mga bata na nasa Junior HS pababa, ang plano ay maibigay sa loob ng taon. Gayundin sa mga HS students ay maibigay ng maaga kung maari | ・Ang suporta ay ibibigay sa sandaling maihanda na ng munisipyo. |
| Nama-mahala | ・Mga munisipalidad (kabilang ang mga espesyal na "ward") | |

i

- **Para sa detalye ng proseso**, tingnan ang website ng Cabinet Office.
- **Para sa mga katanungan,**

Bumuo kami ng **call center.**

**0120－526-145**

**Oras ng tanggapan: Lunes-Linggo 9:00 a.m.-8:00 p.m.**
**(Maliban sa Disyembre 29-Enero 3)**

# Panandaliang suportang pang-sambahayang hindi binubuwisan, atbp.

Habang isinasaalang-alang ang matagal na epekto ng impeksyon COVID-19, at para sa mga humaharap sa iba't ibang problema, maglalaan ng agarang suporta sa panggastos araw-araw /kabuhayan: 100,000 yen para sa bawat sambahayang hindi binubuwisan ng Residence tax, atbp.

## Maaring tumanggap

① Ang buong sambahayan ay hindi nagbayad ng municipal residence tax per capita amt. noong 2021

*Maliban sa mga sambahayan na binubuo ng mga "dependent" lang

② Bukod sa ①, mga sambahayan na biglang nagbago ang gastusin dahil sa epekto ng COVID-19, at mga sambahayan na napatunayang katulad ng ① (mga sambahayang may biglang pagbabago sa gastusin).

## Halaga ng matatanggap

100,000 yen bawat sambahayan

## Panahon ng pagtanggap

Ito ay ibibigay sa sandaling maihanda na ng munisipyo.

## Pangunahing namamahala

Mga munisipalidad (kabilang ang mga espesyal na "ward")

i

- **Para sa detalye ng proseso**, tingnan ang website ng Cabinet Office.
- **Para sa mga katanungan,**

Bumuo kami ng **call center.**

**0120－526-145**

**Oras ng tanggapan: Lunes-Linggo 9:00 a.m.-8:00 p.m.**
**(Maliban sa Disyembre 29-Enero 3)**

# Emergency fund para sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng mag-aaral, atbp.

Upang patuloy ang pag-aaral ng mga estudyante atbp. na nasa malubhang kalagayan dahil sa mga epekto ng impeksyon ng COVID-19, ang gobyerno ay maglalaan ng 100,000 yen para sa mga estudyante atbp. na tutugon sa mga kondisyon.

## Makakatanggap na mag-aaral

Mga mag-aaral ng mga National/Private University (kasali ang Graduate school), Junior/Technical/Specialized Training College, mga paaralan ng wikang Hapon na tinalaga ng Ministry of Justice *Kasama ang mga exchange students

## Kondisyon para makatanggap ang mag-aaral

① Mga tumatanggap ng "Financial Support in Upper Secondary Education" (hindi na kailangang ibalik na scholarship) (Hindi kailangan mag-aplay)

② Bukod sa ①, mga tumutugon sa mga kondisyon sa baba at nirekomenda ng mga unibersidad, atbp.


- Namumuhay sa labas ng sariling tahanan, bilang isang tuntunin
- Hindi nakatanggap ng malaking suportang pinansyal mula sa tahanan
- Hindi maka-asa sa dagdag na suporta dahil sa pagliit ng sahod ng pamilya, atbp.
- Apektado ang sahod sa part-time job ng impeksyon ng COVID-19
- Tumatanggap ng Type-1 Scholarship (walang-interes na scholarship)

③ Bukod sa ②, mga nahihirapang ituloy ang pag-aaral dahil sa pang-pinansyal na mga kadahilanan, ngunit na-aabot ang mga kinakailangan at nirerekomenda ng mga unibersidad, atbp.

## Halaga ng ibibigay

100,000 yen

## Daloy o proseso




i

- **Para sa detalye ng proseso**, tingnan ang website ng MEXT.
- **Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa mga unibersidad, atbp.**

# Tulong sa pagbangon ng kumpanya o negosyo

Magbibigay ng tulong sa mga kumpanyang katamtaman ang laki, SME o small and medium-sized enterprise, at kasama rin ang mga freelancer, na lubhang na-apektuhan ng impeksyon ng COVID-19, saanmang rehiyon o industriya, hanggang mga Marso 2022. Bilang tulong sa mga gastusin, kakalkulahin ang buong halaga batay sa pagbaba ng kita sa 5 buwan at ibibigay ng isahan.

## Makakatanggap

Mga kumpanyang katamtaman ang laki, SME, self-employed, atbp. na tumutugon parehas sa ① at ② sa ibaba

① Dulot ng pagkalat at pagtagal ng impeksyon ng COVID-19, ay pag-tanggap sa epekto ng pagbaba ng "demand" at paghihigpit sa "supply"

② Bukod sa ①, ay bumaba ang kita ng 50% o higit pa, o kaya ay 30%-50% sa parehong buwan ng basehan, at hindi dahil sa pansariling mga desisyong pangnegosyo/kumpanya

## Halaga ng matatanggap

(kinita sa basehang panahon*1) - (kinita sa sakop na buwan*2) × 5

*1 Alinman sa: Nobyembre 2018-Marso 2019," "Nob. 2019-Marso 2020," o "Nob. 2020-Marso 2021." (Kasama sa panahong ito ang (mga) buwan (basehang buwan) na ginamit sa paghambing ng mga kita, upang matukoy ang (mga) sakop na buwan)

*2 Anumang (mga) buwan sa pagitan ng Nobyembre 2021 at Marso 2022 (Ang (mga) buwang bumaba ang kita ng 50% o higit pa, o kaya 30%-50% sa parehong buwan ng basehan)

## Pinakamataas na matatanggap

| Bahagdan ng binabang kita | Small businesses/ Self-employed | Mga kumpanya/korporasyon | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Taunang kita* ay 100 milyong yen pababa | Taunang kita* ay lampas 100 - 500 milyong | Taunang kita* ay higit sa 500 milyong |
| ▲50% o pataas | 500,000 yen | 1 milyong yen | 1.5 milyong yen | 2.5 milyong yen |
| ▲30%-50% | 300,000 yen | 600,000 yen | 900,000 yen | 1.5 milyong yen |

*Taunang kita ay para sa fiscal year kasama ang basehang buwan ((mga) buwang ginagamit upang ihambing ang kita sa (mga) buwan ng Nobyembre 2018 – Marso 2021)

## Panahon ng aplikasyon

Enero 31, 2022 hanggang Mayo 31, 2022

i

- **Para sa detalye ng proseso**, tingnan ang website ng METI
- **(Para sa mga aplikante) 0120-789-140**

**(*Kung IP na telephone: 03-6834-7593)**
**Oras ng tanggapan: Lunes-Linggo 8:30 a.m. - 7:00 p.m.**
**(Kahit pistang opisyal)**

# COVID-19 Special Loan Program ng Japan Finance Corporation (JFC) at ng The Okinawa Development Finance Corporation (ODFC)

Magpapahiram ng pondong walang interes at seguridad sa tagapamahala ng mga kumpanya o negosyo, mga freelancer, atbp. na humina ang kita dahil sa COVID-19.

At sa pagpapagamit ng "Special Loans due to COVID-19 infection" at ng "Special Subsidized Interest System", sumusuporta sa makahulugang pagsasawalang interes at sa pamamahala ng pondo ng mga negosyo/kumpanya.

## Special Loans due to COVID-19 infection

▶ Para sa mga kumpanya (kasali ang freelance) na pansamantalang bumagsak ang negosyo (hal. "average" ng kita sa kamakailang 1 buwan o nakaraang 6 na buwan (kasali ang kamakailang 1 buwan) ay mas mababa ng 5% sa parehas na panahon ng alinmang taon sa nakaraang 4 na taon, atbp.) dahil sa COVID-19, magpapahiram ng pantay na pondo na may 0.9% interest sa unang 3 taon, ano mang credit standing at walang kolateral.

*Kung ang tagapmahala ng negosyo (kasama ang mga "freelance" at maliit na negosyo) ay makakapagbigay ng wastong paliwanag tungkol sa mga epekto ay mapagbibigyan.

**Paggamit ng pondo |** Pondo para sa pagpapatakbo o para sa pasilidad

*Kinakailangang ang alinman sa pondo ay dahil sa epekto ng COVID-19

**Kolateral** | Wala

**Panahon ng pagpapahiram |** <20 taon para sa pasilidad, <15 taon para sa pag papatakbo

**Grace period** | Sa loob ng 5 taon

**Limitasyon (hiwalay) |** SME at Comm./Industrial med. sized ent. 600M yen
Pambansang negosyo 80M yen

**Interes** | Unang 3 taon standard interest rate 0.9%, mula ika-4 taon ay standard int. rate (Limit ng pagbaba ng rate: SME at Comm./Industrial med. sized bank 300M yen Pambansang negosyo 60 milyong yen

i

● **Konsultasyon mula Lunes - Biyernes**
JFC Bus. Fund Cons. Desk: 120-154-505 Comm./Ind. med. sized ent.: 120-542-711
ODFC Bus. Fund Consultation Desk: 120-981-827

● **Konsultasyon kapag Sabado**
JFC: 120-112476 (National Consumer Affairs), 120-327790 (SME na negosyo)
ODFC: 120-981-827 Comm./Industrial med. sized ent.: 120-542-711

● **Iba pang konsultasyon sa pagpapatkbo ng pondo, atbp.**
SME Financial Cons. Counter: 570-783183 (Lunes – Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.)

## Special Subsidized Interest System

▶ Para sa mga tagapmahala ng negosyo (kasama ang mga freelancer) na gumamit ng "Special Loans due to COVID-19 infection" ng Japan Policy Finance Corporation, atbp. may subsidized interest para sa nilaang pondo ng mga negosyo/kumpanya.

**Panahon ng subsidized interest |** Unang 3 taon mula sa paghiram

**Limitasyon ng subsidized interest |** SME at at Comm./Industrial med. sized ent. 300M yen,
Pambansang negosyo 60M yen

i

● **Org. for Small & Medium Enterprise and Regional Innovation, JP COVID-19 Special Subsidized Interest System Secretariat**
0570-060515 (Lunes – Biyernes 9:00 a.m. - 7:00 p.m.)

# Pagpapaliban ng pagbayad ng Social Insurance premium, atbp. ①

## Sistemang pagliban sa pagbayad ng Employee's Pension, atbp.

Para sa mga tagapamahala ng kumpanya na napayagan ng natatanging pagliban sa pagbabayad, o mga tapos na dito, kung nahihirapan sa pagbabayad ng Social Insurance premium, atbp. mayroong magagamit na sistema ng pagpapaliban.

*Ang natatanging pagliban sa pagbabayad ay, ang sistema ng pagliban sa pagbayad sa 1 taon ng walang kolateral o "late fee" dahil sa pagbaba ng sahod na epekto ng COVID-19 sa negosyo/trabaho. (Sakop ang Social Insurance Premium, atbp. mula Enero 2020 - Disyembre 2020)

Para sa detalye, sumangguni sa pinakamalapit na Pension office.
*Para sa mga katanungan hinggil sa Health Insurance premium, kung kasapi sa National Health Insurance Association (shakai kenko) ay sa Pension office, kung hindi ay sa National Health Care Insurance Society (kokumin kenko)

Kung napayagan sa natatanging pagliban sa pagbabayad ng Social Insurance
○ Sa panahong ito, **maaring hatiin sa mga buwan ang hulog**.
○ Sa panahong ito, **late fee mula 8.7%/taon ay magiging 0.9%**.
*Ang bahagdan sa itaas ay nabago nitong Enero 1, 2022.
○ **Ipagpapaliban ang pagkuha o remata sa ari-arian (liquidation)**.

Ang panahon na papayagan sa pagpapaliban,
○ Ang **alintunin ay, sa loob ng 1 taon.**
○ At, kung sa panahon ng 1 taong pagpapaliban ay hirap pa din magbayad, matapos matingnan ang estado ng ari-arian, atbp., ay **maaring mapahintulutan ang paghati ng hulog buwan-buwan kahit lumampas man ng 1 taon**.

○ Maliban na lamang kung maliwanag na maaring magbigay ng kolateral, **hindi kailangan magbigay ng kolateral**.

* Para sa Labor insurance premiums, mayroon ding katulad na sistema. (Kung mapayagan sa pagliliban, malilibre ang "late fee") Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa Labor Office ng inyong Prepektura.

* Kung nag-aplay ng pagpapaliban sa National tax, Local tax, Labor insurance premium, atbp., sa pagsama ng kopya ng application form noon at "Balance sheet of assets", maaring mabawasan ang susulatan at ipapasang dokumento.

### i • Sanngunian

Pinakamalapit na Pension office (ibabang website o QR code sa kanan)
https://www.nenkin.go.jp/section/soudan/index.html

# Pagpapaliban ng pagbayad ng Social Insurance premium, atbp. ②

## Pagbaba/libre ng premium (tungkulin) ng National Health Insurance, Nat'l. Pension, Medical Care System for Older Senior Citizens, Long-term Care, atbp.

Para sa mga nabawasan ang sahod dahil sa epekto ng COVID-19, maaaring pahintulutang ang pagbawas o ilibre, pagliban sa National Health Insurance, Nat'l. Pension, Medical Care System for Older Senior Citizens/Long-term Care, atbp. Una, makipag-ugnayan sa inyong lokal na munisipyo, Pension office, o National Health Insurance Association.

i ● **Sanggunian**

○ National Health Insurance premium (tungkulin)
⇒National Health Insurance Association section ng inyong munisipalidad (Kung kasali sa National Health Care Insurance Society, dito)

○ Medical Care System for Older Senior Citizens premium
⇒ Older Senior Citizen Care Section ng inyong munisipalidad

○ Long-term Care premium
⇒ Long-term Care Section ng inyong munisipalidad

○ National Pension premium
⇒ National Pension Section ng inyong munispyo o sa Pension Office

## Natatanging paglibre sa National Pension premium

Para sa mga nabawasan ang sahod bilang epekto ng kasalukuyang impeksyon ng COVID-19, maaring malibre sa pagbayad ng National Pension Insurance premium.

| | |
|---|---|
| **Maaring tumanggap** | Ang sahod ay nabawasan mula Pebrero 2020 at bumaba sa pamantayan dahil sa epekto ng COVID-19. |
| **Detalye** | Paglibre o liban ng lahat o bahagi ng National Pension premium |
| **Paraan ng pag-aplay** | Isumite ang application form sa NHC Section ng inyong Munisipalidad<br>*Maaaring ma-download sa website ng Japan Pension Service<br>*Bilang pag-iwas sa impeksyon ng COVID-19, maaring ipadala sa koreo. |
| **Simula ng tanggap** | **May 1, 2020** |

i ● **Sanggunian**

・Tumawag sa Japanese Pension Service, "Pensioners' desk"
TEL: 0570-003-004 *03-6630-2525 para sa mga tatawag mula sa 050 na numero

・Dumulog sa Pensioners' desk sa iyong munisipyo o sa Pension Office.

# Pagpapaliban ng pagbayad ng Social Insurance premium, atbp. ③

## Sistema ng pagpaliban sa bayad ng pambansang buwis

Kung pansamantalang nahihirapang magbayad ng pambansang buwis dahil sa epekto ng COVID-19, maaaring pahintulutan ang ”pagpapaliban ng pagremata“ sa pamamagitan ng pag-aaplay sa Tax Office. At, para sa mga kalagayan kagaya ng sumusunod, maaaring pahintulutan ang ”pagpapaliban ng pagbabayad“.

Para sa mga katanungan, tumawag sa inyong Tax Office (nangangasiwa sa paglikom).

Mga halimbawa ng natatanging mga kalagayan
①Malaking kawalan ng ari-arian dahil sa mga sakuna, ②Kapag ikaw o iyong pamilya ay nagkasakit
③Kapag inalis o pinahinto sa trabaho o ④ Malaking kawalan sa negosyo o kumpanya

Kapag pinayagan ang pagpapaliban
◆Ang alintunin ay, pinapayagan ang 1 taon pagpapaliban.
(Ayon sa kalagayan, maaaring bigyan ng karagdagang 1 taon.)
◆Ang ”delayed” na buwis sa panahong ito ay maaring ibaba (*) o mailibre.
(*) Kadalasang 8.8%/taon → 1.0%/taon (porsyento noong 2021)
Kadalasang 8.7%/taon → 0.9%/taon (porsyento noong 2022)
◆Ipagpapaliban ang pagkuha o pagremata (pampublikong pagbenta) sa mga ari-arian.

Tingnan ang leaflet dito

**● Sanggunian**
National Tax Agency (website sa baba o QR code sa kanan)
https://www.nta.go.jp/taxes/nozei/nofu_konnan.htm

## Sistema ng pagpaliban sa bayad ng lokal na buwis

1. Pagpapaliban ng pagbabayad
Bukod sa mga nahawaan ng COVID-19 na mga taxpayer (pati ang pamilya), mayroon ding ibang sumusunod na kaso na kaugnay ng COVID-19 ay maaaring mapagbigyan ng sistemang ito.
[Mga halimbawa ng natatanging mga kalagayan]
①Malaking kawalan ng ari-arian dahil sa mga sakuna
②Kapag ikaw o iyong pamilya ay nagkasakit
③Kapag inalis o pinahinto sa trabaho
④ Malaking kawalan sa negosyo o kumpanya

2. Pagpapaliban sa pagremata sa pamamagitan ng aplikasyon
Kung pansamantalang hindi mabayaran ang mga lokal na buwis dahil sa epekto ng COVID-19, maaaring mapagbigyan nito ang pagremata sa pamamagitan ng pag-aplay.

**● Sanggunian**
Para sa detalye at mga katanungan tungkol sa pagpapaliban sa pagkolekta ng mga buwis, atbp. sumangguni sa inyong lokal na pamahalaan.

# Pagpapaliban ng pagbayad ng Social Insurance premium, atbp. ④

## Pagpapaliban ng bayad sa kuryente, gas, telepono, NHK reception fee, atbp.

Maging indibiduwal o kompanya man, para sa mga nahihirapan sa pag-babayad ng kuryente, gas, telepono at NHK reception fee dahil sa COVID-19, ang pamahalaan ay humihiling sa mga kumpanya ng pagpapaliban sa pagbabayad at pagluluwag sa suspensiyon ng serbisyo dahil sa walang kabayaran, bilang pagsasaalang-alang sa kanilang kaligayan (*).

(*) Bukod dito, para sa mga nahihirapan sa pagbabayad ng tubig o alkantarilya at renta sa pampublikong pabahay, sa pagsasalang-alang sa kani-lang kalagayan, hinihiling din ng pamahlaan ang mabilis at maluwag na pagpapaliban sa pagbabayad, atbp.

i

●Sanggunian

Para sa mga nag-aalala sa bayad ng kuryente, gas, telepono o NHK reception fee, magtanong muna sa tanggapan kung saan naka-kontrata.

Talaan ng electricity co. na tumutugon dito (pati ang may plano lang)
https://www.enecho.meti.go.jp/coronavirus/pdf/list_electric.pdf

Talaan ng gas company na tumutugon dito (pati ang may plano lang)
https://www.enecho.meti.go.jp/coronavirus/pdf/list_gas.pdf

Sanggunian tungkol sa NHK reception fee
https://pid.nhk.or.jp/jushinryo/corona_jushinryo.html

# Pagbago sa buwanang tanggap ng Employees' Pension Insurance, atbp.

Para sa **mga pinatigil mula sa trabaho** dahil sa COVID-19, **at dahil sa kawalan ng trabaho sa pagitan ng Abril 2021 at Marso 2022 ay lubhang bumaba ang sahod**, sa pagtugon sa mga tinakdang kondisyon at sa pagpa-alam ng mga namamahala ng kumpanya, ay maaring makatanggap ng insurance pay (Health o Social Insurance) **sa susunod na buwan bilang eksepsiyon** sa halip ng karaniwang panahon (mula ika-4 na buwan).

At, **sa mga tumatanggap na ng natatanging eksepsiyong ito**, kung matugunan ang mga tinakdang kondisyon, ay **maaaring baguhin ang "timing" bilang natatanging eksepsiyon mula Setyembre 2021.**

**[Maaring makatanggap①]** (Ang mga tumutugon sa lahat ng (1) hanggang (3))

**1 Ang sahod ay lubhang bumaba dahil sa pagtigil ng trabaho sa pagitan ng Abril at Hulyo 2021**

(1) **Mga pinatigil sa trabaho** (kasama ang mga orasan ang bayad) **dahil sa COVID-19,** at dahil dito **ay lubhang bumaba ang sahod**

(2) **Mga tumanggap ngunit ang kabuuan nito (1 buwan) para sa buwan na lubhang bumaba ang sahod** kung ikukumpara sa pamantayang buwanang pensyon ay **mas mababa ng 2 beses o higit pa**.
*Kasama din ang walang pagbabago sa sahod (basic pay, arawan na sahod, atbp.).

(3) **Mga sumasang-ayon sa nilalaman ng** natatanging pagbibigay na ito **sa pagsulat sa application form**
* Kailangan ng sapat na pag-unawa ng tatanggap nito at pagsang-ayon bago ang lahat. (Kasama rito pagsang-ayon sa pagkalkula muli ng halaga ng matatanggap na Injury and Sickness Allowance, Birth Allowance, Retirement Pension dahil sa pagtanggap ng natatanging pensyon.)

**Para sa detalye, hanapin ang sumusunod o tingnan ang QR code sa kanan.**

Japan Pension System Special revision extension | Hanapin | https://www.nenkin.go.jp/tokusetsu/tokureikaitei2.html

**[Maaring makatanggap②]** (Ang mga tumutugon sa lahat ng (1) hanggang (3))

**2 Ang sahod ay lubhang bumaba mula sa pagtigil ng trabaho sa pagitan ng Agosto 2021 at Marso 2022**
Ang mga kondisyon ay katulad ng 1 sa itaas.

**3 Ang mga tumanggap ng natatanging pagbabago dahil sa pagtigil ng trabaho mula Hunyo 2020 hanggang Mayo 2021**

(1) **Mga pinatigil sa trabaho** (kasama ang mga orasan ang bayad) **dahil sa COVID-19,** at dahil dito **ay lubhang bumaba ang sahod mula Hunyo 2020 hanggang Mayo 2021**
(Kasama ang mga tumanggap ng natatanging eksepsiyon sa nakatakdang desisyon sa taong 2020, at hindi kasama ang bumalik sa trabaho)

(2) **Mga tumanggap ngunit ang kabuuan nito noong Agosto 2021 para sa buwan na lubhang bumaba ang sahod** kung ikukumpara sa pensyon noong **Setyembre ay mas mababa ng 2 beses o higit pa**.

(3) **Mga sumasang-ayon sa nilalaman ng** natatanging pagbibigay na ito **sa pagsulat sa application form** (katulad ng 1 sa itaas).

**Para sa detalye, hanapin ang sumusunod o tingnan ang QR code sa kanan.**

Japan Pension System Special revision extension | Hanapin | https://www.nenkin.go.jp/tokusetsu/tokureikaitei3.html

**[Matatanggap na pension]**

**Makakatanggap ng pensyon sa susunod na buwan** ng kung kalian lubhang bumaba ang sahod dahil sa pagtigil sa trabaho (sa kaso ng **3**, sa Agosto 2021).

*Sa **mga tumutugon sa 1, sakop ang mga nagbigay-ulat bago ang katapusan ng Setyembre 2021**.

*Sa **mga tumutugon sa 2 o 3, sakop ang mga nagbigay-ulat bago ang katapusan ng Pebrero 2022 para sa mga apektado ng Agosto - Disyembre 2021, at bago ang katapusan ng Mayo 2022 para sa mga apektado ng Enero - Marso 2022**.

*Sa kahit alin dito, ang aplikasyon ay maaaring gawing pabalik basta bago ang deadline, ngunit para maiwasan maging komplikado ang pagpapasahod o pagpasa ng year-end adjustment, atb., magpasa sa lalong madaling panahon.

**[Pamamaraan ng Aplikasyon]**

**Maglakip ng Request form sa Abiso ng pagbabago sa buwanang halaga (para sa natatanging pagtanggap) at ipasa sa Pension office sa inyong munisipalidad.**

* Ihulog ito Pension office sa inyong munisipalidad. (Maaari ring ipasa sa window.)
* Maaaring ma-download ang Abiso ng pagbabago sa buwanang halaga at Request form mula sa website ng Japan Pension System.
* Ang natatanging pagtanggap na ito ay maaaring ipasa ng 1 beses parehas ng mga tumutugon sa ① at ②.
* Kung kasali sa National Health Care Insurance Society, dito mag-aaplay ng natatanging pagbago sa pagtanggap ng pensyon.

i Pensioners' desk
**0570－007－123** (Navi dial)
**03－6837－2913** (Kung tatawag mula sa numerong nagsisimula sa 050)
・Oras ng tanggapan: Lunes - Biyernes: 8:30 a.m.-7:00 p.m. ika-2 Sabado: 9:30 a.m.-4:00 p.m.

# Sistema ng suporta upang makapagsarili ang mga nahihirapan sa kanilang kabuhayan

Maglalaan ng pangkalahatang suporta ayon sa kalagayan ng bawat isang tao, para sa mga lubhang nahihirapan sa buhay na may sari't saring problema.

## Proseso (Independence Support Systems for the Needy)

Pagtanggap ng konsultasyon ▶ Pag-lista/ayos ng mga problema sa buhay ▶ Pagbuo ng plano ng pag-suporta ▶ Pagbibigay ng pagpipiliang suporta ▶ Pagrebisa ng mga plano ▶ Paglutas sa mga problema

## Halimbawa ng mapagpipiliang suporta

### Sa paghanap/handa sa trabaho

■Tulong tulad ng pagbibigay payo sa paghahanap ng trabaho at job referral.

■At, tulong kagaya ng mga "workshop" at job experience sharing para sa mga nababahala sa paghahanap ng trabaho o nahihirapan sa komunikasyon.

### Sa pagpapabuti ng gastos sa bahay

■Sa "pagpapasilip" sa gastos ng samba-hayan, maiintindihan ang kalagayan at makakatulong sa paghiram.

■At, iba't ibang sistema ng suporta, atbp. para sa mga naantalang pagbabayad ng renta, buwis, tubig, atbp.

### Housing Security Benefit

■Tulong pagbabayad sa renta ng bahay sa ilang panahon para sa mga maaring mawalan ng tirahan dahil sa pinansyal na paghihirap kagaya ng pagka-alis sa trabaho, atbp., sa kondisyong muling paghahanap ng bagong trabaho.

### Panandaliang tulong sa buhay

■Para sa mga nawalan ng tirahan, mag-lalaan ng suporta para sa mga panga-ngailangan sa araw-araw kagaya ng pagkain, damit, atbp. sa loob ng tinakdang panahon.

i ● Para sa **konsultasyon, makipag-ugnayan** sa **inyong munisipyo** o **tanggap-ang nagpapatupad ng Independence Support Systems for the Needy.**

# Housing Security Benefit (renta sa bahay)

Ito ay suporta sa pagkakaroon ng siguradong tirahan para sa mga maaaring mawalan ng tirahan sapagkat bumaba ang sahod dahil sa pagtigil mula sa trabaho, atbp., dulot ng impeksyon ng COVID-19.

## Housing Security Benefit

**Maaring tumanggap**

①Mga naalis sa trabaho o wala pang 2 taon mula ng magsara ang pinapasukan
②Mga kinailangang umuwi dahil sa hindi pansariling kadahilanan/kalagayan at dahil dito ay bumaba ang sahod, o halos katulad ng kalagayan sa naalis sa trabaho o nagsara ang pinapasukan.

**Pagbibigay** Mga 3 buwan (maaaring itong pahabain (hanggang 9 na buwan) kung masigasig sa paghahanap ng trabaho)
*Para sa mga tapos nang tumanggap, maaring tumanggap muli nang para sa 3 buwan, hanggang sa katapusan ng Marso 2022 (ang aplikasyon ay sa Pebrero 2021)

**Halaga** Halaga ng upa (higit sa natatanging pamantayan ng suporta sa tirahan)
(Halimbawa, pinakamalaking halaga sa Tokyo Metropolitan Special Ward) Sambahayan na nag-iisa: 53,700 yen, 2-tao: 64,000 yen, 3-tao: 69,800 yen

**Kondisyon sa pagbibigay**

○ Sahod: Kabuuang kita ng sambahayan ay hindi lalampas sa total ng ① at ②
①1/12 ng hindi binuwisan ng municipal residence tax per capita amount
②Upa (higit sa natatanging pamantayan ng suporta sa tirahan)
(Pinakamalaking halaga sa Tokyo Metropolitan Special Ward) Mga sambahayan na nag-iisa: 138,000 yen, 2-tao: 194,000 yen, 3-tao: 241,000 yen

○ Konidsyon sa ari-arian: Ang kabuuang halaga ng ipon ng sambahayan ay hindi lalampas sa 6 na buwang katumbas ng ① (ngunit hindi hihigit sa 1 milyon yen).
(Pinakamalaking halaga sa Tokyo Metropolitan Special Ward) Mga sambahayan na nag-iisa: 504,000 yen, 2-tao: 780,000 yen, 3-tao: 1 milyon yen

○ Konidsyon sa paghahanap ng trabaho, atbp.: Nagpasa ng aplikasyon sa pampublikong "free job referral counter" ng Hello Work o lokal na pamahalaan, at sinsero at masigasig sa paghahanap ng trabaho

Atbp.

*Sa mga kabilang sa #②, hindi kailangang mag-aplay ng "naghahanap ng trabaho" sa Hello Work, atbp.
*At, sa mga makakapag-aplay bago mag-katapusan ng Marso 2022, maaring parehas kumuha ng "Job training allowance" at "House Security Benefit"

i

- **Para sa mga katanungan**, tumawag sa **call center**
  0120−23−5572 *Lunes - Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
- **Homepage ng benepisyo (Housing Security Benefit) ay narito**
- Para sa **aplikasyon, dumulog sa Self Independence Support**
  Buong bansa: https://www.mhlw.go.jp/content/000614516.pdf

# Pagliban sa pagbabalik ng Single-parent family house assistance loan

Maglalaan ng maaring hindi na ibalik at walang interes na loan, na magagamit na pondo sa pag-upa (renta) ng tirahan para sa mga single-parent na nagsisikap maging independente sa pamamagitan ng paghahanap ng trabaho.

## Makakatanggap

Ang solo parent ay isa sa sumusunod:

①Tumatanggap ng suporta tulad ng child-care allowance o kung nasa katulad na antas ng sahod

②Tumatanggap ng suporta katulad ng mga programa para sa nanay-anak/tatay-anak(*), at nagsisikap na makapag-sarili

* Isang programang binubuo ng iba't-ibang suporta para sa bawat tumatanggap ng child-care allowance, kung saan mayroong mga hiwalay na panayam, at papakinggan ang kalagayan ng pamumuhay, pagnanais makapag-trabaho, pagpapalakad ng ari-arian atbp.

## Halaga ng ipapahiram

Buwanang limitasyon **40,000 yen** x **12 buwan**

## Pagpapaliban sa pagbabayad

Kung tuluyang maghahanap ng trabaho sa 1 taon, **pagpapaliban ng kabuuan**

●Para sa **aplikasyon,** makipag-ugnayan sa inyong tinatarhang **prepektura.**

(At munisipyo, kung nakatira sa itinalagang lungsod)

# Pampublikong suporta (Seikatsu Hogo)

Ang pampublikong suporta ay sistema ng pagbibigay ng kailangang kasiguruhan, ayon sa tindi ng paghihirap at layunin ay seguridad sa “minimum livelihood” at himukin ang pagiging independente. At, ang pag-aplay dito ay karapatan ng mga mamayan. Kahit sino ay may posibilidad na mangailangan nito, kaya huwag mag-alinlangan dumulog sa inyong munisipyo.

## Sino ang maaaring makatanggap ng Pampublikong suporta

○ Ang Pampublikong suporta ay ang paglaan ng kinakailangang kasiguruhan sa kabuhayan, sa paniniwala sa buong paggamit ng ari-arian, kakayahan, atbp. (Ang maaring tumanggap ay ang mga nasa katulad ng sumusunod na kalagayan.)

・Bukod sa bahay, sasakyan, ipon sa banko atbp., walang ari-ariang maaring magamit agad.

＊ Bukod sa pagmamay-ari ng bahay at sasakyan, may iba pang maaaring pahintulutan.


・Hindi makapagtrabaho o kahit na nagtatrabaho, hindi napupunan ang mga pangangailan.

・Tumatanggap ng panlipunang tulong tulad ng pensyon, allowance, atbp. ngunit kulang.

・Ang mga umaasa (dependent) ang inuuna sa kasiguruhang ito.

＊ Kung mag-aaplay ng kasiguruhan, ang asawa o magulang ng anak na nasa 3rd year Junior high school o pababa ang magiging pangunahing paksa ng panayam, at ang case worker ng Social welfare office ay bibisita at titiyakin ang kalagayan. Bukod dito, tatanungin sa papel ang kalagayan.

＊ Ang kinakailangang suporta sa pamumuhay ay nakatakda na ayon sa edad, at dami ng miyembro ng sambahayan, atbp. (minimum livelihood o pinakapayak na pamumuhay). Kung mas mababa rito ang sinasahod, maaring maka-tanggap ng Pampublikong suporta.




○ Dahil may iba pang mas detalyadong tuntunin, para sa desisyon kung makakatanggap ba nito, sumangguni sa inyong lokal na Social welfare office.

## Daloy ng proseso

○ Sumangguni sa inyong lokal na Social welfare office (Livelihood consultation, etc. window).

○ Kapag nag-aplay, ang Social welfare office ay bibisita, uusisain ang ari-arian, atbp. Ang imbestigasyon ay isasagawa upang alamin kung maaari bang tumanggap, ang halaga ng proteksiyon na ilalaan, atbp.

○ Ang Social welfare office ay magsasagawa ng imbestigasyon, at magpapasya kung makakatanggap ng Pampublikong suporta sa loob ng 14 na araw mula sa aplikasyon.

## Pagkatapos na makatanggap ng Pampublikong suporta

○ Habang tumatanggap ng Pampublikong suporta, ang mga case worker ay bibisita ng ilang beses sa isang taon at kailangang sundin ang kanilang mga tagubilin sa buhay.

○ Habang tumatanggap ng Pampublikong suporta, kailangang i-ulat buwanan ang lagay ng sahod.

○ Bukod sa para sa mga gastusin, meron din para sa upa ng bahay sa loob ng nakatakdang halaga.

○ At, maglalaan din ng kinakailangang medikal na pagpapagamot at pangangalaga.

○ Maaari ding tumanggap ng tulong para sa gastusin sa bahay, pag-aaral/pamumuhay ng (mga) anak, paghahanap ng trabaho, atbp. (Maliban sa ilang lokal na pamahalaan.)

**＊ Sa kasalukuyan, ang Social welfare office ay nagluwag sa pagkakaroon ng ari-arian ang mga pansamantalang bumaba ang kita. Para sa mga detalye, tingnan ang HP ng MHLW.**

i ● **Kumunsulta sa Social Welfare office ng inyong munisipalidad (tingnan dito).**

# Benipisyo para sa mga may sakit o sugatan

Ito ay tulong sa sahod para sa mga mayroong Health insurance atbp., na bukod sa aksidente sa trabaho ay nagpahinga sa trabaho upang magpagaling sa sakit o pinsala. Maari ding makatanggap ang mga hindi nakapagtrabaho upang magpagaling sa pagkahawa sa impeksyon ng COVID-19.

- Walang alam na sintomas, ngunit ang resulta ng pagsusuri ay lumabas na "positibo sa COVID-19", at nagpa-ospital
- Mayroong sintomas tulad ng lagnat, atbp. at kinailangang magpahinga sa trabaho upang magpagaling Sa mga ganitong kaso, atbp., maaring tumanggap ng benepisyo.

## Kondisyon sa pagtanggap

Ilalaan ito kapag tumugon sa lahat ng sumusunod na kalagayan.

① Hindi nakapagtrabaho upang magpagaling sa sakit o pinsala ng hindi dahil sa aksidente sa trabaho

*Ang mga nagkasakit at nagkapinsala dahil sa trabaho o pagbiyahe papuntang trabaho ay sakop ng "Industrial Accident Compensation Insurance".

② Nagpahinga sa trabaho ng mahigit sa 4 na araw.

*Para sa ika-4 o higit pa na araw ng pagpapahinga sa trabaho, matapos ang 3 sunod-sunod na araw (waiting period) ng pagpahinga upang magpagaling.

*Kasama waiting period (paghihintay) ang mga paid leave, mga pista opisyal.

## Panahon ng pagtanggap

1 taon at 6 na buwan mula sa petsa ng pagbibigay ng benepisyo

*Ilalaan ito para sa mga araw na tumugon sa mga kondisyon.

## Halagang ibinigay bawat araw

Ang halaga ay katumbas ng 2/3 ng 1/30 ng karaniwang (average) buwanang sinahod sa nakalipas na 12 buwan, mula sa nakaraang buwan kung kailan nagsimulang tumanggap ng benepisyo.

* Kung sakaling ang halaga ng sinahod ay mas mababa kaysa sa halaga ng natanggap na benepisyo, ang pinagkaiba ng dalawa ay ibibigay rin.

**Kabuuang halaga** = **1/30 ng karaniwang buwanang sahod sa nakaraang 12 buwan** × **2/3** × **Bilang ng araw**

i ● Para sa **detalye at proseso ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa opisyal ng inyong kinabibilangang Health Insurance.**

(*) Para sa mga kabilang sa National Health Care Insurance
Depende sa inyong munisipalidad, ayon sa lokal na batas, maaring makatanggap nitong benepisyo ang mga nahawaan ng impeksyon ng COVID-19. Para sa detalye, kumunsulta sa inyong munisipyo.

# Leave allowance (hindi pinag-trabaho)
## (Artikulo 26 ng Labor Standards Law)

Ang Artikulo 26 ng Labor Standards Law ay nagsasabi na kapag ang manggagawa ay pinatigil sa trabaho sa kadahilanang responsable ang kompanya, ang kompanya ay dapat magbigay ng "leave allowance" sa panahon ng pagliban sa trabaho upang masuportahan ang pinakapayak na pamumuhay ng manggagawa.

- **Kapag ang isang manggagawa ay pinagpaliban sa trabaho ng isang kompanya, kahit na obligasyon ito ayon sa Labor Standards, pinapakiusapan ang pagbibigay ng "employment adjustment subsidy", pagbabayad ng allowance para sa mga araw na iyon, at iwasan pagtakas sa gastos.**

***Tingnan ang susunod na pahina para sa detalye ng employment adjustment subsidy.**

## Kailan kailangan magbayad ng Leave allowance ng kumpanya

- Kung ang pagliban sa trabaho ay pagpapauwi dahil sa kadahilanang responsable ang kompanya, ito ay dapat magbayad ng allowance sa mga araw na niliban.
- Mga "hindi maiiwasang kadahilanan", maaring hindi magbayad ng allowance. Kung parehas ng nasa ibaba ay matugunan, ito ay maaring tawaging mga "hindi maiiwasang kadahilanan".

① Pagkakataon na ng sanhi ay naganap sa labas ng trabaho
② Pagkakataon, na kahit na ang may-ari ng kumpanya ay nagbigay ng pinaka-matinding babala bilang tagapamahala, ay hindi pa din naiwasan

Sa ①, halimbawa ay ang mga kahilangang dahil sa "State of Emergency". Kung saan ang sanhi ng paghihirap sa operasyon ng trabaho ay labas na ng trabaho.
Sa ②, upang ito ay matugunan, ang kumpanya ay dapat malinaw na nagsumi-kap na huwag magpatigil ng trabaho. Ang halimbawa ng malinaw na pagsisikap:

- Lubos bang pinagnilayan ang posibilidad na makapagtrabaho ang manggagawa sa pamamagitan ng ibang paraan tulad ng pagtratrabaho sa bahay
- Ang manggagawa ba ay hindi pinahinto kahit na may iba pang trabaho na maa-aring ipasa sa kanya

…na mga pagkakataon, ay pagpapasyahan kada-kaso.

Sumakatuwid, hindi lang dahil sa "epekto ng impeksyon ng COVID-19", ay ibig sabihin ay mawawala ang obligasyon ng pagbibigay ng Leave Allowance sa lahat.

## Halaga ng Leave allowance

60% o higit pa ng karaniwang sahod (ang kabuuang sahod sa loob ng 3 buwan bago ang araw ng pagliban sa trabaho na hinati sa total ng araw sa panahong iyon*)

*Mayroong tinakdang pinakamaliit na halaga para sa mga orasan, arawan, kada proyekto ang sahod.

I

- Para sa konsultasyon ng **indibidwal na kaso**, tumawag sa **Special consultation desk** ng Tanggapan ng mga manggawa sa bawat Prepektura.

# Employment adjustment subsidy (Exceptional measures)

Ito ay para sa mga tagapamahala ng negosyo na napilitang magpaliit ng kanilang negosyo sa kadahilanang pinansyal, at para mapanatili ang kanilang empleyo ay pansamantalang nagpahinto ng trabaho, nagsanay o naglipat. Sa pag-aplay, tutulungan sila sa pagbibigay ng bahagdan ng mga kinakailangang halaga para sa pagbibigay ng "leave allowance".

## Mga makakatanggap : Mga negosyong na-apektuhan ng COVID-19

*Pinapakita sa **indeks ng produksyon** kamakailan ay **bumaba ng 5% o higit pa** **kung ikukumpara sa (mga) nakatakdang buwan**.

## Natatanging hakbang

### ○Detalye ng suporta at mga makakatanggap

*Mula Mayo 1, 2021 hanggang Marso 31, 2022

① Bahagdan ng tulong para sa Leave allowance 4/5 sa Small to Medium-sized Enterprise o SME at 2/3 sa malaking negosyo; **Kung hindi nagtanggal (Tala 1)(Tala 3) 9/10 sa SME at 3/4 sa malaking negosyo** *Pinakamalaking halaga **13,500 yen**/manggagawa/araw
***11,000 yen sa Enero o Pebrero at 9,000 yen sa Marso 2022**

② Para sa pagsasanay **Dagdag 2,400 yen sa SME at 1,800 yen sa malaking negosyo**

③ Ang mga **bagong tapos sa pag-aaral**, atbp. na naghuhulog para sa Unemployment insurance at nagtrabaho ng kahit wala pang 6 na buwan ay kasama

④ Maaring matanggap ng hiwalay sa 100 araw/1 taon lang na limitasyon

⑤ Kasama rin **ang leave ng mga manggagawang walang Unemployment Insurance**

### ○Sa mga sumusunod, ang bahagdan/halaga ng suporta ay itataas

*Para sa mga paghinto ng trabaho mula Enero 8, 2021

⑥ Sa mga kainan na kumuopera sa pagpapa-ikli ng oras bilang pagsunod sa kautusan ng mga goberanador ng mga lugar na nasa State of Emergency declaration at Focused Anti-infection Measures, may **dagdag na, pinakamalaki ay 10/10 bahagdan (Tala 2)**.
*Pinakamalaking halaga **15,000 yen**/manggagawa/araw

⑦ Sa mga kumpanyang bumaba ang buwanang pangkaraniwan ng indeks ng produksyon ng 30% o higit pa sa nakaraang 3 buwan kung ikukumpara sa parehong panahon ng nakaraang taon o bago iyon, may **dagdag, pinakamalaki 10/10 bahagdan (Tala 2)**.
*Pinakamalaking halaga **15,000 yen**/manggagawa/araw

(Tala 1) Kapag hindi tinanggal, atbp. hanggang makalipas ang Enero 24, 2020 (hanggang Disyembre 2021)
(Tala 2) Kapag hindi tinanggal, atbp. hanggang makalipas ang Enero 8, 2021
(Tala 3) Kapag hindi tinanggal, atbp. hanggang makalipas ang Enero 8, 2021 (mula Enero 2022)

### ○Suporta sa pagpanatili ng trabaho sa pamamagitan ng pagtaas ng minimum wage

*Mula Oktubre 2021 hanggang Marso 2022

⑧ Kung ang isang SME na tumutugon sa natatanging kalagayan ay nagtaas ng pinakamababang sahod-kada-oras ng isang antas, mula Oktubre 2021 - Marso 2022, depende sa lugar, at kahit hindi matugunan ang kundisyon sa pagpatigil ng trabaho, ay tutulungan.

i

- Para sa **detalye**, ito ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Ipada ang aplikasyon sa Labor Bureau o Hello Work na namamahala sa lugar ng inyong opisina (pumunta o ihulog sa koreo).
- Para sa katanungan sa "Employment adjustment subsidy", ito ang call center. 0120-60-3999 (Oras 9:00 am - 9:00 pm (kahit Sabado, Linggo, Pista opisyal))

# Support/allowance for the forced leave taken under COVID-19 outbreak

Para sa mga manggagawa na pinatigil sa trabaho dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19 at hindi nakatanggap ng "Leave allowance", magbibigay ng suporta o tulong bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19.

## Mga makakatanggap

Dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19 at mga hakbang para maiwasan ito,
①Mga manggagawa ng SME, natigil ang trabaho mula Abril 1,2021 – Marso 31, 2022
②Mga manggagawa ng malaking kumpanya, natigil ang trabaho mula Abril 1,2021 – Marso 31, 2022, **at hindi tumanggap ng sahod (Leave allowance) sa panahong ito(*)**

＊ Kasama kahit hindi naghuhulog ng Unemployment Insurance.

## Halaga ng suporta

**80% ng sahod bago ang pagliban (hanggang 8,265 yen/araw)**

＊ Ang limit/araw ay 11,000 yen sa Abril 2021, at 9,900 yen mula Mayo - Disyembre 2021

＊ Sa mga manggagawa ng negosyo (kainan, atbp.) na sumunod sa pagpapa-ikli ng oras ayon sa kautusan ng mga goberanador ng mga lugar na nasa State of Emergency declaration at Focused Anti-infection Measures ayon sa Artikulo 11 ng Enforcement Order of special measures against new influeza, etc. law, 2021, mula Mayo 1, 2021 hanggang Marso 31, 2022, ang limit/araw ay 11,000 yen

＊ Ang suporta ay i-aayon sa aktwal na pagtigil ng trabaho

- Kung ang oras ng trabaho ay **wala pang 4 dahil sa pinaikling oras ng negosyo**, tulad ng 8 oras/1 araw ay naging 3 oras/1 araw atbp., ito ay kikilalaning **1/2 araw**.
- Kung mula 5 araw/1 linggo ay naging 3 araw/linggo, ito ay **1 bahagi ng buwan**. (Matapos ibawas ang mga araw ng trabaho, atbp., saka ito maisasama.)

## Katapusan ng aplikasyon

| Tatanggap | Panahong lumiban sa trabaho | Katapusan ng aplikasyon (dating kung sulat) |
|---|---|---|
| ①・② | Abril hanggang Disyembre, 2021 | Marso 31, 2022 (Huwebes) |
| ①・② | Enero hanggang Marso, 2022 | Hunyo 30, 2022 (Huwebes) |

○Para sa mga nag-aplay na ang desisyon sa pagtanggap (o hindi) ay natagalan, at hindi na naka-abot sa susunod na pasahan
→Maaring mag-aplay sa loob ng 1 buwan matapos makuha ang desisyon sa pagtanggap (o hindi).

i
- Para sa detalye, ito ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Ang call center (0120-221-276) ay tumutugon sa mga katanungan tungkol sa nasabing suporta/allowance para sa forced leave dahil sa COVID-19. (Oras: Lunes - Biyernes 8:30 am - 8:00 pm, Sab./Ling./Pista 8:30 am - 5:15 pm)

# "Leave system introduction" subsidy bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng ina, na may kinalaman sa COVID-19

(Para sa mga tagapamahala ng kumpanya) **2021**

Bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, at may kinalaman sa COVID-19, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo na bumuo ng "paid leaves" para sa mga kababaihang manggagawa na nagdadalang-tao na kailangan ng leave, para sila ay mapalagay at manganak ng ligtas, at para sa paghanda ng lugar ng trabaho na maari silang makabalik pagkapangnak.

## Mga makakatanggap (tagapamahala ng kumpanya)

Mga tagapamahala ng negosyo na tumutugon sa lahat ng nasa ①-④

① **Bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, at may kinalaman sa COVID-19**, naghanda ng **Sistema ng paid leave** (bukod sa taunang paid leave at ito ay dapat **60% o higit pa** ang halaga) **para sa mga nagdadalang-tao na manggagawa** na kailangan ng pahinga ayon sa payo ng doktor o kumadrona,

② **Pinabatid sa mga manggagawa** ang detalye nitong sistema at mga hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, na may kinalaman sa COVID-19,

③**Humirang ng 5 araw o higit na leave mula Abril 1, 2021 – Mar. 31, 2022**,

④**Hindi tumatanggap** ng "Work-life balance subsidy" ("Leave filing assistance course" bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, na may kinalaman sa COVID-19) ng 2020 at 2021 at "Leave acceptance subsidy" bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, dulot ng COVID-19 ng 2020.

*** Kasama kahit hindi naghuhulog ng Unemployment Insurance.**

## Halaga ng suporta

150,000 yen, 1 beses lamang bawat opisina

## Panahon ng aplikasyon

Mula sa araw kasunod ng ika-5 araw (kabuuan) ng "paid leave" ng manggagawa hanggang Mayo 31, 2022

*Ito ay i-aaplay sa bawat opisina.

i

- Kung ang manggagawa ay nagbabayad ng Unemployment insurance, maari ring makakuha ng "Work-life balance subsidy" ("Leave filing assistance course" sa susunod na pahina).
- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso, sumangguni sa** Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Para sa konsultasyon, magpunta sa Employment Environment and Equal Employment Department ng inyong Labor office.

Oras: 8:30 am - 17:15 pm (maliban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, katapusan/simula ng taon)

# "Work-life balance subsidy" ("Leave filing assistance course" bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng ina, na may kinalaman sa COVID-19)

**(Para sa mga tagapamahala ng kumpanya)** **2021**

Bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, at may kinalaman sa COVID-19, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo na bumuo ng "paid leaves" para sa mga kababaihang manggagawa na nagdadalang-tao na kailangan ng leave, para sila ay mapalagay at manganak ng ligtas, at para sa paghanda ng lugar ng trabaho na maari silang makabalik pagkapangnak.

***Narito ang mga kailangan sa pag-aplay para sa mga paid leave noong 2021 ng mga manggagawa (Abril 1, 2021 - Marso 31, 2022). Para sa detalye, tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare sa ibaba.**

## Mga makakatanggap (tagapamahala ng kumpanya)

Mga tagapamahala ng negosyo na tumutugon sa lahat ng nasa ①-③.

**Sa pagitan ng Mayo 7, 2020 at Marso 31, 2022**

①**Bilang hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, at may kinalaman sa COVID-19**, naghanda ng **Sistema ng paid leave** (bukod sa taunang paid leave at ito ay dapat **60% o higit pa** ang halaga) **para sa mga nagdadalang-tao na manggagawa** na kailangan ng pahinga ayon sa payo ng doktor o kumadrona,

②**Pinabatid sa mga manggagawa** ang detalye nitong sistema at mga hakbang sa pag-alaga ng kalusugan ng mga ina, na may kinalaman sa COVID-19,

③**Humirang sa total ng 20 araw o higit pang leave na ito**

## Halaga ng suporta

Manggagawa (may Employment insurance): 285,000 yen/isa
*Pinakamadaming bilang ng manggagawa bawat opisina: hanggang 5

## Panahon ng aplikasyon

Mula sa araw kasunod ng ika-20 araw (kabuuan) ng "paid leave" ng manggagawa hanggang Mayo 31, 2022

*Ito ay i-aaplay sa bawat opisina.

i

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso, sumangguni sa** Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Para sa konsultasyon, magpunta sa Employment Environment and Equal Employment Department ng inyong Labor office.

Oras ng tanggapan: 8:30 am - 17:15 pm (maliban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, at katapusan o simula ng taon)

# Work-life balance subsidy (Prevention of resignation to care for family course (natatanging hakbang tugon sa COVID-19))

Bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19, bukod sa "Family care leave" na ayon sa "Child care and family care leave Law" ay para sa mga manggagawang kailangang alagaan ang kanyang pamilya, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo na bumuo ng "Special Paid family care leave".

## Mga makakatanggap (tagapamahala ng kumpanya)

① Bumuo ng **sistema(*) ng paid leave para sa pag-aalaga** bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19, at **ipinabatid sa kompanya** ang mga pambalanseng suporta para sa trabaho at pag-aalaga, kasama ang sistemang ito.

*May kakayahang tumanggap ng 20 araw o higit pa mula sa araw ng pagtatrabaho
*Kailangang magkaroon ng iba't-ibang sistema ng pagtigil ng trabaho para sa pag-aalaga, leave para pag-aalaga at taunang paid leave, ayon sa batas.

② **Humirang** ng paid leave sa ① na may **total ng 5 araw o higit**, para sa mga manggagawang hindi maiwasang magpahinga sa trabaho para alagaan ang kanilang pamilya dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19

## Halaga

| Bilang ng araw na tinanggap | Halaga ng ibibigay |
|---|---|
| Total ay 5 araw o higit pa Ngunit wala pang 10 araw | 200,000 yen |
| Kabuuan ay 10 araw o higit pa | 350,000 yen |

**Maaring mag-aplay hanggang 5 tao/SME**

## Sakop na manggagawa

① Mga pamilyang karaniwang kailangan ang pag-aalaga o gustong gumamit ng serbisyong ito, ngunit dahil sa pagsasara ng mga pasilidad, atbp. dahil sa COVID-19 ay hindi ito magamit

② Mga pamilyang karaniwang kailangan ang pag-aalaga o gustong gumamit ng serbisyong ito, ngunit dahil sa COVID-19 ay umiwas

③ Mga karaniwang nag-aalaga ng pamilya, ngunit dahil sa COVID-19 ay hindi ito magawa

## Araw na maaring tumanggap

Leave na hinirang mula Abril 1, 2021 hanggang Marso 31, 2022

## Panahon ng aplikasyon

Sa loob ng 2 buwan mula sa araw kasunod ng pagtugon sa mga kundisyon

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso,** sumangguni sa Ministry of Health, Labour and Welfare
- Para sa **katanungan**, Employment Environment and Equal Employment Dept. ng inyong Labor office.
**Oras: 8:30 am - 17:15 pm** **(maliban: Sab./Ling./Pista op.)**

COVID-19 care for family subsidy | Hanapin

# Industrial employment stabilization subsidy

Ang sistemang ito ay para sa mga tagapamahala ng negosyo na napilitang paliitin pansamantala ang kanilang negosyo dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19; at kung sila ay nag-"temporary transfer" upang mapanatili ang kanilang mga manggagawa, tutulungan sila at ang tagapamahala ng negosyo ng kanilang nilipatan.

## Sakop ng suporta (paglilipat ng manggagawa)

■ **Sakop:** Ang paglilipat (na ginawa ng mga tagapamahala ng negosyo na napilitang paliitin pansamantala ang kanilang negosyo dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19) na layuning isa-ayos ang kanilang empleyo

■ **Saligan:** Dahil suporta ito para sa pagsasaayos ng empleyo, babalik at makakapag-tratrabaho ang mga nilipat matapos ang panahon ng pagpapadala

## Makakatanggap (tagapamahala ng kumpanya)

① Mga tagapamahala ng negosyo na nagpadala ng manggagawa (mayroong Un-employment Insurance) upang mapanatili ang negosyo na napilitang paliitin pan-samantala dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19 **(Pinanggalingan)**

② Tagapamahala ng negosyo na tumatanggap **(Pinaglipatan)**

## Bahagdan/Halaga ng matatanggap

○ **Gastos sa paghawak ng paglilipat**

**Magbibigay ng bahagyang tulong pinansyal sa panahon ng paglilipat** para sa sahod, pagsasanay, at iba pang mga gastos dito para sa Pinanggalingan at Pinaglipatan.

| | Mga SME | Bukod sa SME |
|---|---|---|
| Kung hindi tinanggal ang manggagawa ng pinanggalingan | **9/10** | **3/4** |
| Kung tinanggal ang manggagawa ng pinanggalingan | **4/5** | **2/3** |
| Pinakamataas na halaga (total ng pinanggalingan/pinuntahan) | **12,000 yen**/araw | |

*Bahagdan ng suporta para sa mga tagapamahala ng negosyo na hindi kinikilalang independente: kung SME 2/3, hindi SME 1/2

○ **Gastos sa simula ng paglilipat**

Magbibigay ng tulong kung mayroong mga kailangan para magawa ang paglilipat tulad ng mga pagsanay sa Pinanggalingan o pagkakaroon ng mga makina, kaga-mitan, atbp. para matanggap ang ililipat sa Paglilipatan, ayon sa batas ng trabaho at kontrata ng paglilipat.

| | Pinanggalingan | Pinaglipatan |
|---|---|---|
| Halaga | **Tig-100,000 yen**/tao (nakatakda) | |
| Karagdagan(*) | **Tig-50,000 yen**/tao (nakatakda) | |

* Kung ang tagapamahala ng Pinanggalingan ay sumobra sa pagkuha ng manggagawa at ang produksyon ay bahag-yang masama, at ang tagapamahala ng Pinaglipatan ay tu-manggap ng nilipat kahit mula sa ibang industriya, siya ay may karagdagang tulong.

*Hindi kasama ang mga tagapamahala ng negosyo na hindi kinikilalang independente ang Pinanggalinan at Pinaglipatan.

i

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso,** tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Ipada ang aplikasyon sa Labor Bureau o Hello Work na namamahala sa lugar ng inyong opisina (pumunta o ihulog sa koreo).
- Para sa mga katanungan sa nasabing suporta, tumawag sa call center. 0120-60-3999 (Oras: 9:00 am – 9:00 pm (kahit Sabado, Linggo o Pista opisyal)

# Trial Job Subsidy
## (COVID-19 Infection Response (Short Time) Trial Course)

Ito ay sistema ng tulong para sa agarang pagbalik-trabaho ng mga manggagawa na nawalan ng trabaho dahil sa epekto ng impeksyon ng COVID-19, at nais na makapasok sa hindi pa nararanasang trabaho, tutulungan ang mga tagapamahala ng negosyo sa isang bahagi ng sahod nila sa nakatakdang "trial employment period" (sa prinsipyo ay 3 buwan).


## Mga makakatanggap (tagapamahala ng kumpanya)

Tagapamahala ng kumpanya na sumubok na tumanggap (mga 3 buwan) ng mga tumutugon sa lahat ng sumusunod:
①Mga walang trabaho (kabilang ang nabawasan ng oras ng trabaho o katulad)
②Mga nagnanais na sumubok ng isang trabahong walang silang karanasan

## Nilalaman ng suporta

| Hiling ng aplikante | Nakatakdang oras ng trabaho | Halaga ng suporta |
|---|---|---|
| Regular na trabaho | 30 oras o higit pa bawat linggo | **40,000 yen/buwan** |
| Panandaliang trabaho | 20 oras o higit pa bawat linggo - hindi aabot ng 30 oras | **25,000 yen/buwan** |

## Imahen ng suporta




<Sanggunian: Trial Job Subsidy (Pangkaraniwang pagsubok na kurso)>

〇Sa mga naghahanap ng trabaho* na nahihirapan makakuha ng pirming trabaho dahil wala silang karanasan atbp., magbibigay ng tulong na 40,000 yen/buwan sa mga kumpanyang **may planong gawing regular** ang mga tinanggap sa pagsubok na trabaho. (hindi kasama kung walang 30 oras/linggo)

* 2 o higit pang beses lumipat sa loob ng 2 taon, lampas 1 taon nang walang trabaho, lampas 1 taon nang walang pirming trabaho dahil sa pag-alaga ng bata, freeter/NEET at wala pang 55 taong gulang, kailangan ng espesyal na atensyon (tumatanggap ng pampublikong tulong/seikatsu hogo)

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso,** tignan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.
- Labor office o Hello Work na may hawak sa inyong opisina ang tumatanggap ng aplikasyon (sa pagpunta o paghulog sa koreo).

# Unemployment insurance
# (tulong sa mga naghahanap ng trabaho)

Benepisyo para sa mga walang trabaho (naghahanap) upang muling makapagtrabaho agad, at mapanatili ang kanilang kabuhayan. Magbibigay ng 50%-80% ng dating sahod sa pagtugon ng kondisyong paghulog ng premium, atbp.
*Ang mga naghahanap ng trabaho ang kailangan mismong mag-aplay ng "job search application", kaya kailangan kumunsulta muna sa Hello Work.

## Mga makakatanggap (Mga tumutugon sa ibaba. Una, ay lumapit sa Hello Work)

- ○ Umalis sa trabaho, at "kahit na may intensyon at kakayahan (kalagayan ng kasulugan, tahanan, atbp.) na makapagtrabaho at masigasig sa paghahanap ng trabaho ay hindi makapagtrabaho".
- ○ Mga naghulog ng 12 buwan o higit pa sa loob ng 2 taon bago ang pag-alis.
- ○ Kung dahil sa nagsarang kumpanya/tinanggal, hindi pagtuloy ng kontratang may nakatakdang panahon, o ibang hindi maiiwasang dahilan, mga naghulog ng 6 buwan pataas sa loob ng 1 taon bago nawalan ng trabaho.

## Proseso

○ Kailangang ikaw mismo ang magpasa ng aplikasyon sa trabaho sa Hello Work ng inyong munisipalidad.

- Sa pagproseso ng pagtanggap, kailangan ng "Resignation slip" galing sa kumpanya. Ngunit kahit hindi tumanggap ng slip mula sa kumpanya, maaari pa ring makumpirma ng Hello Work ang mga kailangan sa pagtanggap, kaya kumonsulta muna.

## Halaga ng matatanggap

**[Halaga ng pakinabang bawat araw (pangunahing matatanggap)]**

- Karaniwan, 50-80% ng total ng sinahod sa 6 na buwan hanggang sa araw na nawalan ng trabaho na hinati sa 180. Mas mababa ang sahod, mas mataas ang % ng benipisyo. At, ang maximum/minimum nito ay nakatakda.

★ Tinatayang kalkulasyon

$$\frac{\text{Dating sahod sa 6 buwan}}{180} \times \underset{\text{(50～80\%) *}}{\text{\% ng benepisyo}} = \text{Pangunahing halaga}$$

*Para sa 60-64 taong gulang, 45-80%

**[Bilang ng araw ng pagtanggap (nakatakda)]**

- Taunan, Katapusan ng kontrata, Pansaraling dahilan, atbp. 90 – 150 araw
- Bangkarote/Pagkatanggal, Hindi tinuloy na kontrata, atbp. 90 – 330 araw
- Mahirap humanap ng trabaho dahil sa kapansanan, atbp. 150 – 360 araw

**[Natatanging dagdag sa bilang ng araw ng pagtanggap dahil sa COVID-19]**

- Para sa mga napilitang iwan ang kanilang mga trabaho dahil sa COVID-19, mayroong karagdagan sa itaas na 60 araw (ang iba ay 30 araw). Para sa detalye, tingnan ang leaflet o sumangguni sa pinakamalapit na Hello Work.

i
- ●Para sa **detalye**, tingnan sa Ministry of Health, Labour and Welfare.
- ●Kung umalis sa trabaho, kumunsulta sa pinakamalapit na Hello Work.

# Public vocational training (Training for the unemployed)

Ang mga walang trabaho ay maaaring magsanay ng libre (maliban sa mga textbook, atbp.) habang tumatanggap ng "unemployment insurance benefit".

## Mga makakatanggap (mga walang trabaho at tumutugon 4 na kundisyon)

① Mga nag-aaplay ng trabaho sa Hello Work
② Mga tumatanggap ng Unemployment insurance benefit
③ Mayroong pagkukusa at kakayahang magtrabaho
④ Kinilala ng Hello Work ang pangangailangan ng suporta para sa pagsasanay

## Nilalaman ng pagsasanay

① Pagsasanay upang matamo ang kakayahan at kaalaman na kailangan sa trabaho
② Ang tagal nito ay nasa 3 buwan - 2 taon (may 1-2 buwan kung kinakailangan)
③ Libre ang pagsasaanay (kailangan lang ay 10 - 20 libong yen para sa libro, atbp.)
④ May pambansa, pangprepektura, at pribadong organisasyon (pinagkatiwala ng prepektura) atbp. na nangangasiwa sa mga pagsasanay

## Proseso sa pagkuha ng pagsasanay - Magpunta muna sa Hello Work!

Sa pag-aplay ng pampublikong bokasyunal na pagsasanay (pagsasanay ng mga walang trabaho), matapos mag-aplay ng trabaho sa Hello Work, at pumasa sa panayam ng institusyong nagsasanay, kailangang tumanggap ng lektyur sa Hello Work.

At, ang tagapamagitan sa pagkuha ng kurso ay sa konsultasyon sa Hello Work
①Kinikilalang kailangan ang pagkuha ng pagsasanay para sa angkop na trabaho, at,
②Para sa mga aplikante na ang Hello Work ang nagpasya na meron silang kinakailangang kakayahan para sa pagkuha ng pagsasanay.

* Sa bawat Hello Work, may "COVID-19 Response Step-Up Consultation Center" para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19, mayroong pangkalahatang impormasyon para sa mga pagsasanay at pagsasagawa nito

Aplikasyon/konsul-tasyon sa mga walang trabaho → Aplikasyon para sa pagsasanay → Panayam, atbp. → Abiso ng resulta ng pagsasala → Tagapamagitan sa pagkuha ng kurso → Pagkuha ng kurso sa pagsasanay

(green) …… Mga gagawin sa Hello Work

(pink) …… Mga gagawin sa institusyon ng pagsasanay

●Para sa **detalye**, tingnan sa Ministry of Health, Labour, and Welfare.
●Para sa mga pagsasanay na isinagawa sa inyong lugar, maaaring hanapin sa pamamagitan ng Hello Work Online Service.
●Para sa konsultasyon, sumangguni sa Hello Work sa inyong munisipalidad.

# Training support for job seekers

Sa mga naghahanap ng trabaho na hindi nakakatanggap ng "unemployment insurance benefit", maaaring tumanggap ng pagsasanay ng libre (maliban sa bayad sa mga textbooks atbp.) at kung matugunan ang mga kondisyon, ay maaring rin tumanggap ng "training allowance" na 100,000 yen bawat buwan.

## Mga makakatanggap (mga walang trabaho at tumutugon 5 na kundisyon)

① Mga nag-aaplay ng trabaho sa Hello Work
② Hindi naghuhulog ng Unemployment insurance
③ Hindi tumatanggap ng Unemployment insurance benefit
④ Mayroong pagkukusa at kakayahang magtrabaho
⑤ Kinilala ng Hello Work ang pangangailangan ng suporta para sa pagsasanay
 * Upang makatanggap ng suporta, kailangan ding matugunan ang mga "Nilalaman at Kundisyon ng suporta" sa ibaba.

## Nilalaman ng pagsasanay

① Pagsasanay para sa agarang trabaho
② Ang pagsasanay ay 2 - 6 na buwan (may kursong 2 linggo o pataas para sa mga nagtratrabaho na (ito ay hanggang sa katapusan ng Marso 2022))
③ Libre ito (kailangan lang ay 10 - 20 libong yen para sa libro, atbp.)
④ Itinalaga ng gobyerno at papangasiwaan ng mga pribadong organisasyon
⑤ May 2 uri ng kurso
- "Pangunahing kurso": Mga pangunahing kakayahan bilang mamamayan, maaaring matutunan na kakayahan sa maikling panahon
- "Praktikal ng kurso" : Mga praktikal na kakayahan, atbp. na maaring matutunan para magawa ang mga ninanais na trabaho

## Proseso sa pagkuha ng pagsasanay Tingnan ang p. 33(Katulad ng Public vocational training)

## Nilalaman at Kundisyon ng suporta

[**Halaga ng ibibigay]**
- Allowance sa pagsasanay na bokasyonal: 100,000 yen bawat buwan
- Pamasahe: Itinakdang halaga (may limitasyon) ng ruta papunta sa pasilidad
- Para sa pagtuloy: 10,700 yen bawat buwan

*Para sa detalye ng "pamasahe" at "tuluyan", magtanong sa Hello Work.

[**Pangunahing kundisyon]** (Kailangang tumugon sa lahat ng sumusunod)
- Ang sahod bawat buwan ay 80,000 yen o mas mababa(*)
  * Sa nagtatrabaho ng shifting, self-employed, freelancer, nagsa-sideline/2 trabaho Ang regular na sahod ay 80,000 yen o pababa, at kabuuang kita ay nasa 120,000 yen o pababa (ito ay hanggang sa katapusan ng Marso 2022)
- Buwanang kita ng sambahayan: walang 400,000 yen (hanggang Marso 2022 lang)
- Ang pinansiyal na ari-arian ng sambahayan ay hindi aabot sa 3 milyong yen

i
- Para sa **detalye**, tingnan sa Ministry of Health, Labour, and Welfare.
- Para sa mga pagsasanay na isinagawa sa inyong lugar, maaaring hanapin sa pamamagitan ng Hello Work Online Service.
- Para sa konsultasyon, sumangguni sa Hello Work sa inyong munisipalidad.

# Higher vocational training promotion support

Upang isulong ang pagkakaroon ng mga kuwalipikasyon para sa paghahanap ng permanenteng trabaho para sa mga single parent, magbibigay ng tulong sa panggastos araw-araw sa panahon ng mga pagsasanay, atbp.

## Mga makakatanggap

Matapos ang pagsimula ng pagsasanay, ang solo parent na:

①Tumatanggap ng Child-care allowance, o kasing baba ng pamantayan ang sinasahod

②Ang curriculum sa training center ay aabutin ng **6 buwan** o higit pa, at inaasahang makakakuha ng kuwalipikasyon

## Mga kabilang na pagsasanay

Mga kuwalipikasyon na magagamit sa paghanap ng trabaho, at mga pagsasanay na aabutin ng 6 na buwan o higit pa

(Hal.) Pambansang kuwalipikasyon ng Nars, Practical nurse, Nursery teacher, Care Worker, Phys. Therapist, Occupational Therapist, Kusinero, Tagagawa ng meryenda, at **Pribadong kuwalipikasyon sa digital fields**

## Nilalaman ng suporta

**100,000** yen bawat buwan habang nagsasanay

* Mga binubuwisan ng Residence tax: 70,500 yen/buwan

* Dagdag **40,000** yen sa huling buong taon ng pag-aaral

i

●Para sa **aplikasyon**, makipag-ugnayan sa **inyong tinitirahang munisipalidad.**

# Elementary school closure subsidy
## (para sa mga tagapamahala ng negosyo)

Suporta sa tagapamahala ng negosyo na hinirang ang "paid leave" (bukod sa taunang leave ayon sa Labor Standards Law) para sa bumaba ang sahod na manggagawa (regular o hindi) na magulang ng batang nag-aaral sa paaralang nagsara dahil sa COVID-19.

## Mga makakatanggap (tagapamahala ng negosyo)

Mga tagapamahala ng negosyo na hinirang ang "paid leave" na bukod sa taunang leave ayon sa batas para sa mga magulang na kailangang mag-alaga ng mga batang nabanggit sa ① o ②.

①Mga batang nag-aaral sa paaralan(**) na pansamantalang nagsara(*) batay sa mga alituntunin, atbp., bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19

*Kasama hindi lang buong paaralang elementarya, atbp., pati din lahat ng taon at klase, mga online class at staggered (hiwa-hiwalay) na pagpasok

**Paaralan: mababa, early-years compulsory education school, special-needs school, after-school club, a.s. day-care service, kindergarten, nursery, ECEC

②Mga batang nahawa sa COVID-19, mga kinakailangang magpahinga sa pagpasok sa paaralan, atbp.

## Halaga ng matatanggap

Binayarang halaga ng "paid leave" ng manggagawa x 10/10

*Pinakamataas kada araw mula Agosto 1 at Disyembre 31, 2021 ay 13,500 yen.
Pinakamataas kada araw mula Enero 1 at Pebrero 28, 2022 ay 11,000 yen.
Pinakamataas kada araw mula Marso 1 at Marso 31, 2022 ay ¥900.

*Kung ang opisina ay sa lugar na nasa State of Emergency declaration at Focused Anti-infection Measures ay may dagdag na 15,000 yen/araw (nakatakda) kung mag-aaplay

## Araw na maaring tumanggap

Mga "paid leave" sa pagitan ng Agosto 1, 2021 at Marso 31, 2022

*Maliban sa bakasyon tuwing tag-sibol, tag-init, tag-lamig, o sa araw na walang planong mag-bukas ang paaralan, atbp.

## Panahon ng aplikasyon

- Agosto 1 - Oktubre 31, 2021 ⇒ Disyembre 27, 2021 (kailangang dating)
- Nobyembre 1 - Disyembre 31, 2021 ⇒ Pebrero 28, 2022 (kailangang dating)
- Enero 1 - Marso 31, 2022 ⇒ Mayo 31, 2022 (kailangang dating)

i

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso,** sumangguni sa Ministry of Health, Labour and Welfare

  COVID-19 Paid leave | Hanapin

- **Sa "Special consultation center for Elementary school closure subsidy" ng Prefectural Labor office, bilang tugon sa "gustong gamitin ito ng kumpanya nila" na kahilingan mula sa mga manggawa atbp., mayroong gabay sa sistema/ namamahala ng suporta. At para nasabing tanggapan o direktang aplikasyon mula sa empleyado para paid leave subsidy/support, tinangnan dito.**
- Para sa **mga katanungan**, **Employment Adjustment Subsidy, Industrial Employment Stabilization Subsidy, Elementary School Closure Subsidy**
  **0120－60－3999 Oras : 9:00 am - 9:00 pm (kahit Sabado, Linggo, o pista opisyal)**

# Elementary school closure subsidy
## (para sa mga private consignee)

Suporta para sa mga nagtratrabaho mag-isang magulang na hindi magawa ang nakakontratang trabaho dahil sa pag-aalaga ng bata, nang pansamantalang nagsara ang paaralan dahil sa COVID-19.

## Mga makakatanggap (private consignee o katiwala)

Mga magulang/bantay na kailangang mag-alaga ng mga batang nabanggit sa ① o ②, at tumutugon sa **nakatakdang kundisyon**.

①Mga batang nag-aaral sa paaralan(**) na pansamantalang nagsara(*) batay sa mga alituntunin, atbp., bilang tugon sa impeksyon ng COVID-19

*Kasama hindi lang buong paaralang elementarya, atbp., pati din lahat ng taon at klase, mga online class at staggered (hiwa-hiwalay) na pagpasok

**Paaralan: mababa, early-years compulsory education school, special-needs school, after-school club, a.s. day-care service, kindergarten, nursery, ECEC

②Mga batang nahawa sa COVID-19, mga kinakailangang magpahinga sa pagpasok sa paaralan, atbp.

### Nakatakdang kundisyon

- Kung may planong mag-trabaho mag-isa
- Kung binabayaran ang sahod para sa pagtratrabaho batay sa kontrata ng pagtitiwala, atbp., at tumatanggap ng nakatakdang gawain tungkol sa nilalaman ng trabaho, lugar at panahon ng trabaho mula sa kliyente.

## Halaga ng matatanggap

Sa mga araw na hindi nakapagtrabaho

Agosto 1 - Disyembre 31, 2021 ⇒ 6,750 yen bawat araw (nakatakdang halaga)

Enero 1 - Pebrero 28, 2022 ⇒ 5,500 yen bawat araw (nakatakdang halaga)

Marso 1 - Marso 31, 2022 ⇒ 4,500 yen bawat araw (nakatakdang halaga)

*Kung nakatira sa mga lugar na nasa State of Emergency declaration at Focused Anti-infection Measures ay may dagdag na 7,500 yen/araw (n. halaga) kung mag-aaplay

## Araw na maaring tumanggap

Agosto 1, 2021 hanggang Marso 31, 2022

*Maliban sa bakasyon tuwing tag-sibol, tag-init, tag-lamig, o sa araw na walang planong mag-bukas ang paaralan, atbp.

## Panahon ng aplikasyon

Sa mga araw na hindi nakapagtrabaho

Agosto 1 - Oktubre 31, 2021 ⇒ Disyembre 27, 2021 (kailangang dating)

Nobyembre 1 - Disyembre 31, 2021 ⇒ Pebrero 28, 2022 (kailangang dating)

Enero 1 - Marso 31, 2022 ⇒ Mayo 31, 2022 (kailangang dating)

i

- Para sa **kundisyon ng pagtanggap** at **detalye ng proseso,** sumangguni sa Ministry of Health, Labour and Welfare
- Para sa **mga katanungan**,
  **Employment Adjustment Subsidy, Industrial Employment Stabilization Subsidy, Elementary School Closure Subsidy**
  **0120－60－3999**
  **Oras ng tanggapan: 9:00 am - 9:00 pm (kasama ang Sabado, Linggo, at pista opisyal)**

# Proyekto ng kumpanyang sumusuporta sa pagkuha ng babysitter
**(Natatanging hakbang: Para sa mga nagtratrabaho sa kumpanya)**

Tulong sa bayad ng baby sitter, para sa nagtratrabahong mag-isang mga magulang na hindi makaliban sa trabaho o makagamit ng “after-school club” atbp. nang magsara ang mga paaralan, atbp. dahil sa COVID-19.

## Mga makakatanggap

Itong natatanging hakbang ay para sa mga tumutugon sa ①-③.

①Nagtatrabaho sa mga pribadong kumpanya

②Nagtratrabaho ang asawa o solo parent at hindi maaaring magpatuloy sa trabaho kung hindi makakuha ng babysitter


③Dala ng epekto ng impeksyon ng COVID-19, ang pinapasukang mababang paaralan, narseri, atbp. ay nagsara.

## Nilalaman ng natatanging hakbang

Magbibigay ng discount ticket (2,200 yen/piraso) para sa pansamantalang pagsara ng mababang paaralan, narseri, atbp.

| | <Pangkaraniwan> | <Natatanging hakbang> |
|---|---|---|
| ・Pinakamadami bawat araw: | 2 piraso/bata | ⇒ 5 piraso/bata |
| ・Pinakamadami bawat buwan: | 24 piraso/bahay | ⇒ 120 piraso/bahay |
| ・Pinakamadami bawat taon: | 280 piraso/bahay | ⇒ Walang limitasyon |

## Proseso ng aplikasyon




ℹ **●Para sa detalye, bisitahin ang website ng All Japan Childcare Services Association.**

http://www.acsa.jp/

## Proyekto ng kumpanyang sumusuporta sa pagkuha ng babysitter
**(Natatanging hakbang: Para sa mga nagtratrabaho mag-isa)**

Tulong sa bayad ng baby sitter, para sa nagtratrabahong mag-isang mga magulang na hindi makaliban sa trabaho o makagamit ng “after-school club” atbp. nang magsara ang mga paaralan, atbp. dahil sa COVID-19.

### Mga makakatanggap

Itong natatanging hakbang ay para sa mga tumutugon sa ①-③.

①Nagtatrabaho nang mag-isa (self-employed, freelance, atbp.)

②Nagtratrabaho ang asawa o solo parent at hindi maaaring magpatuloy sa trabaho kung hindi makakuha ng babysitter


③Dala ng epekto ng impeksyon ng COVID-19, ang pinapasuk-ang mababang paaralan, narseri, atbp. ay nagsara.

### Nilalaman ng natatanging hakbang

Magbibigay ng discount ticket (2,200 yen/piraso) para sa pansamantalang pagsara ng mababang paaralan, narseri, atbp.

| | <Natatanging hakbang> |
|---|---|
| ・Pinakamataas na dami bawat araw: | 5 piraso/bata |
| ・Pinakamataas na dami bawat buwan: | 120 piraso/tahanan |
| ・Pinakamataas na dami bawat taon: | Walang limitasyon |

### Proseso ng aplikasyon




i **●Para sa detalye, bisitahin ang website ng All Japan Childcare Services Association.**

http://www.acsa.jp/

厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare

# Iba pang may kaugnayang impormasyon

## Gabay sa mga website ng mga suporta, atbp. na may kinalaman sa COVID-19

## Mga Ministro　Mga website kaugnay ng impeksyon ng COVID-19

- **Ministry of Health, Labour and Welfare COVID-19 Info. page**

  Para sa mga mamamayan, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa lagay ng COVID-19 at ng mga suporta tulad ng subsidiya sa pag-aayos ng empleyo.

- **Japan Fair Trade Commission COVID-19-related page**

  Ito ay nagsisilbing sanggunian para sa mga tagapamahala ng negosyo bilang tugon sa COVID-19 na Antimonopoly Law at Subcontract Law, at ang mga sanggunian para sa konsultasyon tungkol dito.

- **Financial Services Agency COVID-19-related information**

  Impormasyon para sa mga kumpanya/indibiduwal na may problema sa paggamit ng pondo, atbp.

- **Ministry of Justice COVID-19-related info. page**

  Impormasyon tungkol sa impeksyon ng COVID-19 para sa mga mamamayan at mga dayuhan (tulad ng problemang legal, karapatang pantao, aplikasyon ng residensya, tulong sa kabuhayan, pagpasok mula ibang bansa, atbp.)

- **Ministry of Finance Japan COVID-19-related info. page**

  Para sa mga mamamayan, impormasyon tungkol sa suporta sa paggamit ng pondo ayon sa pambansang patakaran at sa sistema ng pagpapaliban sa pagbabayad ng pambansang buwis.

- **Ministry of Economy, Trade and Industry COVID-19 rel. support**

  Patnubay sa mga hakbang upang mabawasan ang epekto ng impeksyon ng baong coronavirus (COVID-19) sa mga kompanya at upang suportahan ito.

- **Ministry of the Environment COVID-19-related info. page**

  Impormasyon tungkol sa mga hakbang na isinagawa ng ministrong ito upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng COVID-19.

- **Cabinet Secretariat COVID-19 infection prevention**

  Impormasyon kung paano haharapin ang impeksyon ng COVID-19 para sa mga mamamayan.

- **National Police Agency Response to COVID-19 infection**

  Impormasyon tungkol sa mga iba't ibang administratibong proseso, at mga krimen, atbp. na dulot ng COVID-19

- **Consumer Affairs Agency COVID-19 rel. info. for consumers**

  Upang maipabatid sa mga mamimili ang pag-iingat mga kahina-hinalang imbitasyon dulot ng COVID-19 at mga problemang masamang komersiyo, at impormasyon ng sanggunian para sa mga mamimili.

- **Immigration Services Agency of Japan COVID-19-related information**

  Impormasyon sa pagpasok/pananatili sa bansang Hapon na may kinalaman sa impeksyon ng COVID-19.

- **Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries About COVID-19 infection**

  Impormasyon sa pagharap ng impeksyon ng COVID-19 (impormasyon tungkol sa suplay ng pagkain, mga kahilingan kapag kumakain sa labas, mga hakbang pansuporta, atbp.) para sa mga mamamayan, at mga kumpanya sa agrikultura, kagubatan at palaisdaan at sa pagkain.

- **Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism COVID-19 response**

  Impormasyon tungkol sa paggamit ng mga pampublikong transportasyon, mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa mga pampublikong transportasyon, at mga pagpipiliang suporta para sa mga kumpanya na may kinalaman sa pampublikong transportasyon, para sa mga mamamayan.

厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare

# Iba pang may kaugnayang impormasyon

## Gabay sa mga website ng mga suporta, atbp. na may kinalaman sa COVID-19

## Listahan ng mga hakbang pansuporta　Mga polyeto, portal, atbp.

- **Polyeto ng suporta (Para sa mga negosyong naapektuhan ng COVID-19)**

Polyeto ng mga hakbang pansuporta na maaaring matanggap ng mga negosyong naapektuhan ng pagkalat ng impeksyon ng COVID-19.

- **Support for those in culture and arts**

Pinagsama-sama at ginawang madaling-maunawaan na mga hakbang pansuporta para sa nasa sining at kultura.

- **Suporta para sa mga solo parent na naapektuhan ng COVID-19**

Pinagsama-sama ang mga pambansang suporta para sa mga solo parents, atbp. na naapektuhan ng pagkalat ng impeksyon ng COVID-19.

- **DAILY LIFE SUPPORT PORTAL FOR FOREIGN NATIONALS**

Mga kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa impeksyon ng COVID-19 at sa pamumuhay sa bansang Hapon, sa iba't-ibang wika.

- **Testing Center for Overseas Travelers (TeCOT)**

Sa pakikipagtulungan sa MHLW, ang METI ay nagbibigay ng libreng serbisyo para sa mga manlalakbay sa paghahanap ng medikal na mga institusyon na makakapaglabas ng katibayan sa pagsisiyasat ayon sa kahilingan ng patutunguhang bansa.

- **COVID-19 Information and Resources**

Polyeto ng mga hakbang pansuporta sa kabuhayan at negosyo ng mga naapektuhan ng pagkalat ng impeksyon ng COVID-19.

- **Online Vaccine Certificate App**

Ito ang opisyal na app na maaring makakuha ng Katibayan ng pagbakuna laban sa COVID-19 mula sa Pamahalaan ng bansang Hapon.

- **Responses to COVID-19 for business establishments handling agriculture, forestry, fisheries, and food products**

Ang pinagsama-sama at madaling-maunawaang mga hakbang pansuporta para sa mga kumpanya sa agrikultura, kagubatan at palaisdaan, at sa pagkain na naapektuhan ng impeksyon ng COVID-19..

- **MEXT　Listahan ng pinansyal na suporta para sa mga mag-aaral**

Pinagsama-sama ang mga sistema ng pangpinansyal na suporta para sa lahat ng mga nahihirapang ituloy ang pag-aaral na mag-aaral at estudyante, dahil sa impeksyon ng COVID-19.

- **Para sa kabuhayan ng mga dayuhan na may kinalaman sa COVID-19**

Mga iba't-ibang hakbang pansuporta na maaaring matanggap ng mga dayuhan, at mga tagapamhala ng negosyo o organisasyon na tumanggap ng mga dayuhang manggagawa.

- **Ministry of Foreign Affairs Overseas Safety HP**

Impormasyon sa: "border control measures" ayon sa pagbago-bago ng kalagayan, panganib ng impeksyon ng mga bansa, at kahirapan sa paglabas ng bansa dahil sa suspensiyon ng mga operasyon kaugnay ng impeksyon ng COVID-19.

- **Japan Legal Support Center (Houterasu) Info. re: COVID-19**

Ang impormasyong kailangan para malutas ang mga problemang legal na may kinalaman sa impeksyon ng COVID-19.

- **COVID-19 Contact-Confirming Application (COCOA)**

Ang smartphone app na ito ay para sa makatanggap ng mga abiso tungkol sa posibilidad na pagkalapit sa isang nahawahan ng impeksyon ng COVID-19.